

Tagalog
63-0317E

Ang Puwang Sa Pagitan Ng Pitong
Kapanahunan ng Iglesia at ng Pitong Tatak
The Breach Between The Seven Church Ages and The Seven Seals

March 3, 1963
Jeffersonville, Indiana, USA

Ipinangaral ni
William Marrion Branham

Ang aklat na ito ay malayang maipalilimbag at maipamamahagi, ngunit hindi maaaring ipagbili, ayon sa sinasaad ng lisensya sa ilalim ng Creative Commons (by-nc-nd) na matatagpuan sa www.CreativeCommons.org.

Ang Puwang Sa Pagitan Ng Pitong Kapanahunan ng Iglesia at ng Pitong Tatak

1 Magandang gabi, mga kaibigan. Isang malaking pribilehiyong makabalik sa gawain, dito sa bahay ng Panginoon ngayong gabi, at nanginginain pa ako sa Mana na ipinakain sa ating mga kaluluwa ng Kanyang Presensya kaninang umaga.

2 At sa gabing ito, tayo ay magsisimula sa paksa ng “Puwang sa Pagitan ng Pitong Kapanahunan ng Iglesia at ng Pitong Tatak.” At kausap ko kaninang hapon ang isang kaibigan. At marahil, kung loloobin ng Panginoon, sa tag-init na ito, kung hindi pa Niya ako pauuwiin, o kung ako’y makababalik pa (kung hindi ako mangingibang-bayan o anuman), nais ko muling talakayin ang huling pitong pakakak (Kita n’yo?), at ang lahat ng ito ay magkakarugtong. At mayroong pitong huling mga salot, at lahat ng ito’y naglalakip-lakip tulad ng makikita natin sa ating pagpapatuloy.

3 Kaya’t ngayong gabi habang tayo’y medyo nananahimik, marahil ay magiging mahaba ako nang kaunti, ngunit maging . . . Pagbalik na pagbalik ko dito . . . Ngayon, sa lahat ng pangangaral na ginawa ko sa Phoenix, hindi ako minsan man minalat (Kita n’yo? Tama.), at ay naku, nangaral ako nang husto. At sa loob ng, wari ko’y, dalawampu’t pitong gawain ay ni hindi ako namaos, ngunit gawa kasi ito ng klima rito. Nauunawaan n’yo ba? Sadyang masama ang klima rito, isa kasi itong lambak. Sadyang hindi maganda ang kundisyon dito, at hindi mainam sa kalusugan—alam n’yo ang ibig kong sabihin; hindi ito mainam. At ang kalagayan ng lalamunan ng sinumang mangangaral na nangungusap ay hindi na maganda sa pasimula pa lamang.

4 Sinuri minsan ng isang kaibigan kong duktor ang aking lalamunan upang makita kung ano’ng problema, aniya, “Wala.” Ang sabi niya, “May mga kalyo ka sa mga vocal chord mo.” Aniya pa, “Iyon ay mula sa pangangaral.” Buweno, tila gusto ko iyon. Napainam niyon ang pakiramdam ko basta’t iyon ay dahil sa pangangaral. Nauunawaan n’yo ba? Makabubuti iyon para sa Kaharian ng Diyos.

5 Ngayon, marahil ay hindi natin mataglay sa ating katawan ang marka ni Jesus Cristo tulad ni Pablo dahil sa pagkakabugbog, ngunit maaari tayong magtaglay ng marka dahil sa pangangaral at pagsigaw laban sa mga bagay na

mali. Lubos tayong nagpapasalamat na tayo’y hindi na kailangang bugbugin pa, lalo na pagdating sa panahong ito.

6 Kaya’t . . . ? . . . tayo ay Ilan ba sa mga naririto ang nakabasa na ng “Ano’ng Oras Na Ba, Mga Ginoo?” o nakarinig nito, alam n’yo iyon, “Ano’ng Oras Na Ba, Mga Ginoo?” Medyon nabagabag ako no’n nang kaunti. Kung hindi n’yo ba ito napakikinggan, sana magawa n’yo itong mapakinggan . . . Medyo nabagabag ako no’n, nais ko lang na banggitin ito bago magsimula sa gawain. Mga isang lingo o sampung araw na ang nakaraan labis akong nababagabag, ako’y sadyang . . . Sadyang hindi ko . . . Ayaw kong mangaral sa mga gawain o anuman, sapagkat—hindi ko alam. Tila isa iyong bagay na masama, at hindi ko alam kung ano ba iyon. Kaya’t ako’y . . .

7 Isang madaling araw, nagbangon ako upang umakyat sa Sabino Canyon, at ito ay mga tatlumpung minutong pagmamaneho lang mula sa bahay—o apatnapung minuto lamang hanggang sa ulunan ng Sabino Canyon; pagkatapos ay may daan na may habang tatlumpung milya papasok sa kabundukan: kakaibang lalawigan ang nando’n sa itaas. Maaaring ngayon ay nasa disyerto ako kung saan ay otsenta o nobenta ang temperatura, at sa loob lamang ng tatlumpung minuto ay napunta na ako sa lugar na may walong talampakang niebe (Kita n’yo?), sa tuktok ng bundok.

8 Nasa Phoenix kami kamakailan kung saan ay mga bente, bente-otso ang antas ng temperatura (Pinainitan nila ang swimming pool, may mga taong lumalangoy.) at mga apatnapung minutong pagmamaneho mula ro’n ay nasa *forty below zero* na sa Flagstaff. Kita n’yo? Iyan ang kaibahan ng mataas na dako sa disyerto . . . At napakaganda nito sa kalusugan ng mga may hika at iba pa. Ngunit . . .

9 Ngayon, umakyat ako sa canyon, at umakyat ako sa pinakamataas na maaari kong akyatin, at tinanong ko ang Panginoon, habang nakaupo ako roon, kung ano’ng ibig sabihin ng lahat ng ito at iba pa. Medyo nagugulumihan ako at hindi ko alam kung ano’ng dapat kong gawin.

10 Kaya’t habang nananalangin ako, may kakatuwang bagay na naganap. Nais kong maging tapat. Ngayon, marahil ay nakatulog ako. Maaaring nangarap ako, o maaaring iyon ay isang pangitain. Mas naniniwala akong iyon ay isang pangitain na . . . Nakaunat ang aking mga kamay at ako’y nagsasabing, “Panginoon, ano’ng ibig sabihin ng pagsabog na ito, at ano’ng ibig sabihin ng pitong Anghel na nagkumpol sa anyong pyramid, na dumampot sa akin mula sa lupa at lumingon sa direksyon ng silangan: ano’ng ibig sabihin no’n?”

kundi sa bawat Salita na namumutawi sa bibig ng Diyos.” Oh, pakanin Mo ako, Panginoon, ng Iyong Salita. “Huwag ninyong pababayaang ang inyong pagtitipon tulad ng ugali ng mga di mananampalataya lalo pa’t nakikita n’yong papalapit na ang araw na iyon.”

328 Kung loloobin ng Diyos, bukas ng gabi, sa biyaya ng Diyos, sisikapin ko sa abot ng lahat ng taglay ko na hilingin sa Kaniyang Siya ay mamagitan upang sa paglabas ng mga hiwaga ng mga Tatak na ito, ay maitanyag ang Salita ng Diyos sa mga tao.

329 Hanggang sa muli ko kayong makita, sumainyo nawa ang Diyos. At ngayon, ibinibigay ko ang gawain sa ating mahal na kapatid, Brother Neville, ang ating pastor. Ilan ang nagmamahal kay Brother Neville? Tayong lahat. Lumapit ka, Brother Neville, pagpalain ka ng Diyos.

pagtayo. Kung ang taong iyon ay naririto at nais niyang gawin ang sapat—ang sapat sa lahat, tumayo ka . . .

322 Makalangit na Ama, wala na akong iba pang alam na gawin kundi ang sipiin ang Iyong Salita. Narito ang mga taong nakatayo na nakadaramang hindi sila naging ayon sa nararapat sa kanila—handa sa pag-agaw na ito; sapagkat maaaring mangyari iyon bago pa mabuksan ang Unang Tatak sa amin.

323 At, Ama, idinadalangin ko sila. Ako—ako bilang lingkod Mo ay nag-aalay ng panalangin ito sa dakilang Tagapamagitan, na si Cristo; habang nananalangin sila, iniaalay ko ang aking panalangin kasama nila sa ibabaw ng tronong garing ng Diyos kung saan nakaupo ang duguang hain ngayong gabi na anumang oras ay maaaring umalis sa trono upang kunin ang Kaniyang mga pag-aari. Kung magkagayo’y wala nang awang natitira; puro paghuhukom na lamang.

324 Itulot Mo po ito, Ama. Ipinagtitiwala ko sila sa Iyo ngayon. At sinabi Mo, “Ang magpapahayag sa Akin sa harap ng mga tao, ay ihahayag ko sa harap ng Aking Ama at ng mga banal na Anghel.”

325 At ngayon, Ikaw ay nakaupo sa presensya ng lahat sa gabing ito, at sila’y nakatayo, nagkukumpisal sa Iyo, at, Panginoon, kung ito ay mula sa kaibuturan ng kanilang puso, singtiyak na tama ang Salita ng Diyos, Ikaw ngayon ay namamagitan para sa kanila at tinatanggap sila sa daigdig ng biyaya at habag ng mapanglinis na Dugo ng haing Cordero, at sila ay magiging sa Iyo sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen.

326 Ngayon, kayong mga nakakakita sa mga taong ito na nakatayo . . . May mga binatilyong naririyang, ang ilan ay nakatayo: kayong mga nakadaramang lahat ng kasalanan at paghatol ay naalis na, nais kong magtindig lamang kayo (ilan sa inyo na malapit sa kanila), kamayan n’yo sila at sabihin n’yo, “Brother, ipapanalangin kita.” “Sister, ipapanalangin kita.” Kamayan n’yo lang sila at sabihin n’yo, “Pagpalain ka ng Diyos. At ngayon, ang iba pa ay nasa kamay na ng Makapangyarihan sa lahat.” Sabihin n’yo, “Mananalangin ako, at gagawin ko ang lahat ng makakaya ko upang tulungan kang makapasok sa Kaharian ng Diyos.”

. . . Oh, nanawagan Siya sa araw na ito!

Oh, si Jesus ay nananawagan,

Buong giliw na nanawagan sa araw na ito.

327 Mahal n’yo ba Siya? Hindi ba’t kahanga-hanga Siya? Oh, ano’ng gagawin natin kung wala ito? “Hindi lang sa tinapay mabubuhay ang tao,

11 Nakatayo ako ro’n sa pananalangin, at may kung anong nangyari. At ngayon, may lumagpak sa aking kamay. Ngayon, alam kong kung hindi kayo nakauunawa ng mga espirituwal na mga bagay, maaaring maging tila napakakakatuwa nito. Ngunit may tumama sa aking kamay; at nang tignan ko, iyon ay isang espada. At ang hawakan ay yari sa perlas, ang pinakamagandang perlas na nakita ko. At ang harang sa hawakan (alam n’yo na, wari ko’y iyon ay upang hindi kayo masugatan, alam n’yo na, habang kayo’y—ang mga tao’y nagduduwelo) ay ginto. At ang talim ng espada ay hindi masyadong mahaba, ngunit napakatalim, at iyon ay kulay pilak na kumikinang. At iyon ang pinakamagandang bagay na nakita ko. Sukat na sukat sa aking kamay, at hawak-hawak ko iyon. Ang sabi ko, “Hindi ba’t ang ganda niyan?” Tinignan ko iyon, at naisip ko, “Ngunit alam mo, dati pa’y takot na ako sa espada.” Natuwa nga ako na hindi ako nabuhay sa mga panahong ginagamit nila ang mga iyon, sapagkat takot ako sa kutsilyo. Kaya’t naisip ko, “Ano’ng gagawin ko diyan?”

12 At habang hawak-hawak ko iyon, may isang tinig na nanggaling kung saan na nagsabi, “Iyan ang espada ng Hari.” At nilisan ako.

13 Buweno, pinag-isipan ko kung ano’ng ibig sabihin no’n, “Iyan ang espada ng Hari.” At napag-isip-isip ko, “Kung sinabi sanang ‘espada ng isang hari,’ naintindihan ko siguro, ngunit ang sabi, ‘Ang espada ng Hari.’” Kaya’t maaaring hindi tama ang pagkaunawa ko, ngunit naisip ko, “May iisa lamang na (The King) Hari; iyon ay ang Diyos. At ito ang Kaniyang Espada, na mas matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim. Kita n’yo? At . . . “Kung mananatili kayo sa Akin at ang mga Salita Ko ay . . .” Kita n’yo?

14 At isang . . . Naisip ko sa pakikipagduwelo . . . Nauunawaan n’yo ba, sa pagkaunawa ko kasi—Wala akong alam tungkol dito, ngunit—o isa mang prinsipyo ng pakikipagduwelo, ngunit sa abot ng aking pang-unawa, pag nagtama ang mga talim nito, at sa kahuli-hulihan ay nag-lock ang espada n’yo ng iyong kalaban nang ganito, kailangan na ang lakas ng nagduduwelo, dahil (Kita n’yo?) ang espada niya ay maitututok sa puso ko at ang sa akin naman ay sa puso niya; ngunit ang mga ito’y naka-lock, habang nagtatama ang aming mga espada, at sa pagsasalubong ng mga ito, nagdidikit ang mga ito. At ang makapagsalya sa kalaban sa ibaba, siya ang makapagtatarak ng kaniyang espada sa puso ng kalaban. Kaya’t bagama’t ang Espada ay ang Salita, kinakailangan ang kamay ng malakas na pananampalataya upang hawakan Ito at maitarak sa puso ng kaaway.

15 Ngayon, hindi ko alam ang mga bagay na ito, ngunit lahat lamang ng aking natanggap mula sa Kaniya ang magagawa kong sabihin, sinabi ko na sa

inyo. Kaya nga't . . . Alam n'yo, sa paniwala ko ang—hindi ba't ang Panginoon ang nagsabing lahat ng natanggap Niya sa Ama ay Kaniyang sinabi at wala Siyang ipinagkait na anuman? Kaya't nais nating gawin ang mga bagay na iyon kung papaano dumarating ang mga ito. Ngayon, kung kayo'y magiging tunay na marunong at mananalangin, natitiyak kong mayroon kayong mauunawaan sa lalong madaling panahon—isang bagay na inaasahan kong naihayag.

16 Ngayon, sa Aklat na ito—buklatin natin lahat ngayon sa ika-5 kabanata ng Aklat na kung tawagin ay ang Apocalipsis ni Jesus Cristo. Ngayon, bukas ng gabi ay ang Unang Tatak, at ang unang apat na Tatak ay nabuksan sa pamamagitan ng apat na mangangabayo, isa sa bawat Tatak na tatama sa lupa.

17 At, marahil ay hindi magtatagal ang mga ito hanggang makalipas ang Lunes, Martes, Miyerkules—bandang Huwebes; at, sa palagay ko ang ika-6 at ika-5, ika-6, at ika-7 ay maaaring maging napakahaba. Kaya't marahil ay magbibigay ito sa inyo ng kaunting panahon upang makapagpahinga ng kaunti.

18 Pinupuntirya nating makapagsimula ng gawain, sa paniwala ko, ng ganap na ika-7 gabi-gabi sa buong sanlinggo, at dapat ay nasa entablado na ako ng eksaktong alas siyete y medya. At maaaring makalabas tayo ng hatinggabi, kaya't—kaya't . . . Lumampas ako ng isang oras kaninang umaga. Hindi ko iyon sinasadya; ako'y sadyang . . . Hindi ko alam kung kailan, sapagkat hindi ko alam kung ano ang unang mangangabayo. Hindi ko alam ang Ikalawa, Ikatlo, Ikaapat, Ikalima, Ikaanim, o Ikapitong Tatak. Ako'y . . . Hanggang sa sandaling ito, hindi ko pa alam. Kita n'yo? Ako'y nakadepende lamang sa Kaniya.

19 Kaya't nagsisikap ako nitong linggong ito sa tulong ng biyaya ng Diyos, naniniwala akong kung mauunawaan ninyo nang malalim . . . Alam n'yo, sa mga pangitain hindi ka maaaring maghayag ng mga bagay-bagay hangga't hindi ipinapahintulot sa iyo na ihayag mo ang mga iyon. Gaano kadalas n'yo na akong narinig na nagsabi, na pagpasok ko sa isang bahay, marahil ay may isang sumbrerong nakalapag dito, at ang isang batang ito o iba pa ay hindi mapapagaling hanggang sa iyon ay mailapag nga dito. Hindi ko maaaring sabihin sa kanila, o kaya'y ilipat iyon do'n. Kinakailangang mailipat iyon sa ibang paraan. Mayroong isang dapat kumuha at maglipat niyon at kapag ang lahat ay nakaayos na—kung magkagayon maaari na iyong maihayag. Kaya't manalangin kayo ngayon.

21 Ngayon, bago natin punatahan ang Aklat, kausapin natin Siya nang nakayuko ang ating mga ulo. Panginoong Jesus, talaga pong kapos kami. Hindi kami magtatangkang lumapit sa sagradong Aklat na ito sa kabanal-

317 At ang isang desisyon ay isang bato, ngunit ano'ng kuwenta ng isang bato kung walang mason na may kakayahang tumapiyas nito upang maipanghugis sa gusali, upang umakma sa gusali? Kung gayon ay hayaan n'yong tapyasin kayo ng Espiritu Santo mula sa kung ano kayo tungo sa kung ano kayo dapat maging. Kung ikaw ay isa lamang pormal na miyembro ng iglesia, kung ikaw ay isang makasalanan, anukaman, kung wala kang Cristo, wala kang Espiritu Santo, pagkalooban ka nawa ng kapayapaan ng Diyos ngayong gabi.

318 Ngayon, Panginoon, lumalapit ako ngayon nang singtino nang aking nalalaman, at sing-Iskriptural nang aking nalalaman kasama ng mga ito na aking ipinagtiwala sa Iyo sa pamamagitan ng Salita. Nagtitiwala ako, Panginoon, na ang Salita ay nakasumpong ng lugar sa puso ng mga tao ngayong gabi.

319 Kung mayroon ditong hindi pa nakaaalam o wala pang nananahang katiyakan ng matamis na Presensya ng Espiritu Santo sa kanilang buhay; ang kanilang kawalan ng pagtitimpi, o kawalan ng pakialam, o ang pagiging makasarili, o kung anumang bagay na naglayo sa kanila sa dakilang bagay na ito at humadlang sa kanila upang makamit ito, o kung anong kredo, o kung anong sensasyon na naglalayo sa kanila sa katamisan ng pakikisama sa Diyos, na ito ngayon ay makakalag. At ang Cordero, ang duguang banal na Kaanak na Manunubos na lumabas mula sa luklukan palagos sa mga mahiwagang Liwanag ng mga pasilyo ng trono ng Diyos, na lumabas upang angkinin ang Kaniyang mana . . .

320 Diyos itulot Mo po ngayong gabi, na kanila Siyang tanggapin. Nawa ang bawat desisyon ay buong taimtim na gawin, at nawa'y isuko nila ang kanilang mga sarili sa Kaniya lamang, na may kakayahang umukit sa kanila at humubog sa kanila patungo sa pagiging mga anak na lalaki at babae ng Diyos.

321 Ngayon, sa mataimtim na panalangin . . . Ginagawa ko ito ayon sa nadarama kong pangunguna sa akin. Sa pagiging taimtim sa harap ng Diyos yamang napatunayan na Niya ang Kaniyang Sarili sa iyo, at ikaw ay hindi pa Cristiano o hindi pa gaya ng kung tawagin natin—hindi—hindi isang pasapi-sapi lamang sa denominasyon, ngunit ang ibig kong sabihin ay isinilang na muling Cristiano, ngunit buong kataimtiman kang naniniwala na totoo ang mensahe, at buong taimtim kang sumasamapalatayang maliligtas ka tangi sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos; at sumasampalataya kang nangungusap ang Siya sa iyong puso ngayon, at nais mo Siyang tanggapin at handa kang magpatagpas sa Kaniyang Salita mula sa kung ano ka ngayon tungo sa kung ano ka dapat maging, maaari bang patotohanan mo ito sa pamamagitan ng

pamamagitan ng binindikang Espiritu ng Diyos na nagpapakita ng lahat ng ipinangako Niya sa huling mga araw, gaano pa karaming oras ang nalalabi? Kaibigang makasalan, lumapit ka na.

312 Panginoong Jesus, gumagabi na. Marahil ay mas huli na kaysa sa inaakala natin. At nagagalak kaming makita ang oras na ito na dumaratal. Ito ang pinakamaluwalhating oras na nalaman ng sanlibutan para sa mananampalataya, ngunit para sa tumatanggi, ito ang pinakanakalulungkot na panahon . . . Wala kang makikitang mga salita sa alpabeto, mga titik upang makabuo ng mga salita, na makapaghahayag ng kaguluhan at kalungkutan na naghihintay sa hinaharap. At wala rin namang mga salitang maaaring mabuo mula sa ating alpabeto upang maihayag ang mga pagpapalang naghihintay sa hinaharapa para sa mananampalataya.

313 Ama, maaaring may ilan sa mga naririto ngayong gabi na walang pag-asa, at sila ay matatalinong tao. At ngayon, kung ang Dugo ay nakalapag pa rin sa luklukan ng awa, hayaan Mo pong tumindig Siya mula sa luklukan at tumungo sa kanilang puso ngayong gabi at ihayag sa kanila na sila ay ligaw, at sa pamamagitan ng Iyong duguang mga kamay ay magsabi, “Lumapit kayo habang may oras pang lumapit.” Ipinagtitiwala ko ang mensahe, Panginoon, sa pamamagitan ng aking panalangin sa Iyong mga kamay. Gawin Mo po anuman ang naisin Mo, Ama, sa Ngalan ni Jesus.

314 Habang nakayuko tayo, kung hindi pa ninyo natutugunan ang kahilingang ito; kung sa simbahan lang ninyo kayo nagtiwala, walang anumang makatutubos sa inyo. Kung nagtiwala kayo sa pamamagitan ng kung sinong santo, kayo’y ligaw pa rin. Kung nagtiwala kayo sa mga gawa ng inyong kamay, sa kung anong nagawa n’yo, na mabubuting gawa, kayo’y ligaw pa rin. Kung kayo’y sumandig sa panalangin ng inyong ina o sa katuwiran ng inyong ina, ng inyong ama, kung diyan kayo sumandig, kayo’y ligaw pa rin.

315 Kung kayo’y nagtiwala sa kung ano’ng sensasyon, sa kung ano’ng kakatwang pakiramdam, sa kung ano’ng emosyon ng pagsasalita ng iba’t ibang wika o pagsasayaw; kung iyon lang ang inyong sinandigan at hind ninyo kilala ang Cordero sa personal na paraan, hindi n’yo pa Siya nakikilala, kung gayo’y inuutusan ko kayo sa harapan ng Diyos: ituwid n’yo ang bagay na iyan ngayon sa Diyos. Sa kaibuturan ng inyong puso ay manalangin kayo at maging simple lamang, sapagkat ang Diyos ay nakakubli sa kasimplehan.

316 Naaalala n’yo, ang sabi ng Biblia, “Lahat ng sumampalataya ay naidagdag.” At habang kami ay nananalangin para sa inyo, nagtitiwala akong gagawin n’yo ang isang eternal na pagpapasiyang iyon: “Panginoon, ako’y magsasabi ng opo.”

banalang oras na ito, habang ang mga tao ay nanghahawakan sa katalagahan ng panahon, nang hindi namin hinihiling, Panginoon, na Yaong Tanging makapagpapahayag ng Aklat na ito, ay lumapit na ngayon, at pagpalain ang hamak na pagsisikap ng Iyong lingkod.

22 Pagpalain Mo po ang Salita habang ito ay ipinapahayag. Maipahayag nawa ito sa kapangyarihan ng Espiritu. At nawa ang espirituwal na lupang taniman ng—ng mga nagugutom at nauuhaw na makaalam ng katuwiran at makaalam ng kalooban ng Diyos; lumagpak nawa ito roon at magbunga ng ayon sa uri nito. Itulot Mo po ito, Panginoon. Ang lahat ng papuri ay mapasa Iyo. Makasumpung nawa ang lahat ng nagugutom at nauuhaw ng pagkain at maiinom ngayong gabi mula sa Salita. Hinihiling namin ito sa Ngalan ni Jesus na Siyang pinagmumulan ng kapahayagan. Amen.

23 Ngayon, bubuklatin na natin ang ika-5 kabanata. Ngayon, hindi ito ang Pitong Tatak. Ito ang “Puwang Sa Pagitan ng mga Kapanahunan ng Iglesia at ng Pitong Tatak.” Ngayon, mayroon ding ika-6 na kabanata ng . . . at mayroong palang ika-4 na kabanata, ang ibig kong sabihin, ng Apocalipsis, at doon ay bahagyang naipahayag ang isang bagay na magaganap pagkatapos ng pag-akyat ng Iglesia: na ang Iglesia ay aakyat sa ika-3 kabanata ng Apocalipsis at hindi na magbabalik hanggang sa ika-19 na kabanata ng Apocalipsis. Kita n’yo?

24 Samakatuwid, hindi mararanasan ng iglesia ang kapighatian. Alam kong salungat iyan sa halos lahat ng gurong nakausap ko, ngunit hindi ko layong maging salungat. Layon kong maging kapatid n’yo, ngunit dapat akong magturo ng ayon sa aking nakikita. Kung hindi, hindi ko ito mapagtatagnitagni. Nauunawaan n’yo ba? At ngayon, umakyat man ang iglesia bago ang kapighatian o pagkatapos ng kapighatian, nais kong makasama sa pag-akyat niyon. Iyon ang mahalaga.

25 Kaya’t ang mga bagay na iyon ay ipinapalagay lamang natin, dahil sa kawalan ng edukasyon, ako ay nagtitipo lamang. Tinitignan ko kung ano ang nagaganap sa kasalukuyan o ang naganap sa Lumang Tipan, na tipo o anino ng Bago, nang sa gano’n ay magkaroon ako ng ideya kung ano ang Bago. Kita n’yo? Tulad ng kung si Noe ay pumasok sa arka bago magsimula ang kapighatian—isang tipo . . .

26 Ngunit bago pa pumasok si Noe sa arka (Kita n’yo?), umakyat na si Enoch (Kita n’yo?) bago maganap ang anupamang bagay. At si Lot ay tinawag palabas ng Sodoma bago pa magsimula ang katiting man na kapighatian, o ng pagkawasak. Ngunit sa buong panahong iyon si Abraham ay nasa labas na (Kita n’yo?): tipo.

27 Ngunit ngayon, babasahin na natin ang unang talata. Babasahin ko ang unang dalawang talata nito.

At nakita ko sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan ang isang aklat na may sulat sa loob at sa labas, na tinataakang mahigpit ng pitong tatak.

At nakakita ako ng isang malakas na anghel na nagtatanyag ng malakas na tinig, Sinong karapatdapat magbukas ng aklat, at mangtanggap ng mga tatak nito?

At sinoman sa langit, o sa ibabaw man ng lupa, o sa ilalim man ng lupa, ay hindi makapagbukas ng aklat, o makatingin man. (Napakadakilang aklat.)

At ako’y umiyak na mainam, sapagka’t hindi nakasumpong ng sinomang marapat magbukas ng aklat at ng pitong tatak nito. (Ngayon, kung pag-uusapan ang pagiging di karapat-dapat, ni hindi karapat-dapat na tumingin: walang sinuman, kahit saan.)

At sinabi sa akin ng isa sa matatanda, Huwag kang umiyak; narito, ang Leon sa angkan ni Juda, ang ugat ni David, ay nagtagumpay upang magbukas ng aklat ng pitong tatak nito.

At nakita ko sa gitna ng luklukan at ng apat na nilalang na buhay, . . . sa gitna ng matatanda, ang isang Cordero na nakatayo, na wari ay pinatay, na may pitong sungay, at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Dios, na sinugo sa buong lupa.

At siya’y lumapit at kinuha ang aklat sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan.

28 Hihinto tayo riyan sa ilang sandali sa pagbasa ng Apocalipsis 5 hanggang sa—kasama ang ika-7 talata.

29 Ang Aklat na ito na may pitong tatak ay naihayag sa panahon ng Pitong Kulog ng Apocalipsis 10. Kung minamarhahan n’yo . . . Buklatin natin ang Apocalipsis 10 sandali, upang magkaroon kayo ng pagkaunawa bago natin iyon talakayin. Ngayon, ito ay sa huling panahon, dahil pakinggan n’yo.

. . . nakita ko ang ibang malakas na anghel na nanaog na mula sa langit, nabibihisan ng isang alapaap; at ang bahaghari . . . nasa kaniyang ulo, . . .

30 Kung inyong mapapansin iyon ay si Cristo (Kita n’yo?), ‘pagkat sa Lumang Tipan Siya ay tinatawag na Anghel ng Tipan, at direktahan Siyang dumarating ngayon sa mga Judio, sapagkat tapos na ang Iglesia. Kita n’yo? Tama.

. . . at ang kaniyang mukha gaya ng araw, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng mga haliging apoy:

All the saints in spotless white;

And with Jesus we shall reign eternally.

Oh, “Come and dine,” the Master calleth (ngayon sa Salita), “Come and dine.” (Oh, nauubusan ako ng salita. Kita n’yo?)

Come and dine; come and dine,

You can feast at Jesus’ table anytime. (Ngayon! Ngunit kapag umalis na Siya ro’n, naku.)

He who fed the multitude;

Turned the water into wine . . .

306 Siya na nagsabing ang sinumang sumampalataya sa Akin, ang mga gawang ginagawa ko ay gagawin niya rin naman . . .”

307 Ay, naku. Siya na nangako ng mga bagay na ito sa huling mga araw. Siya na nagsabi ng mga bagay na ito, Siya na ngayon ay nasa oras na ng pagpapahayag ng mga bagay na ito, “Pumarito kayo at makihapon.” Oh, huwag na hindi mo ito makuha, kapatid ko. Ngayon, magsiyuko tayo sumandali.

308 Bukas ng gabi sa biyaya ng Diyos susubukan nating buksan ang Unang Tatak, kung ito’y bubuksan ng Diyos para sa atin at ipapakita Niya kung ano ang kapahayagang ito na naikubli mula pa nang itatag ang sanlibutan.

309 Bago natin gawin iyon, kaibigang makasalanan o maligamgam na miyembro ng simbahan, kasapi ka lang ba sa isang simbahan o ikaw ba ay hindi kasapi? At kung kasapi ka lang, halos pareho lang iyon ng hindi ka kasapi. Kailangan mo ang isang kapanganakan. Kailangan mong lumapit sa Dugo. Kailangan mong lumapit sa isang bagay na sadyang papawi sa kasalanan hanggang sa hindi na ito maalala.

310 Kung hindi pa kayo nakapaghahanda upang makatagpo ang Cordero sa himpapawid, kung gayo’y sa pamamagitan ng kapangyarihang inilagag sa akin ng atas na ibinigay sa akin ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, ng isang Haliging Apoy, inuutusan ko kayo sa Ngalan ni Jesus Cristo: Huwag n’yong subuking salubungin Siya sa pamamagitan lamang ng pagiging miyembro ng isang tuluyan, ng isang simbahan ng mundong ito.

311 Lumapit kayo habang ang Tagapamagitan, sa abot ng aking nalalaman, ay nasa luklukan pa rin ng pamamagitan, sapagkat darating ang isang araw kung kailan ay nanaisin n’yong lumapit, ngunit wala nang Tagapamagitan. Sapagkat kung makikita natin ang oras na kinabibilangan natin, sa ikapitong kapanahun ng iglesia, at ang kinahantungan ng mga hiwaga ng Diyos sa

At ang apat na nilalang na buhay ay nagsabi, Siya nawa. At ang matatanda ay nangagpatirapa at nangagsisamba sa kaniya na nabubuhay magpakailan-kailan man.

299 Napakaluwalhating jubilee, napakainam na panahon nang lumabas ang Cordero . . . Kita n'yo, ang Aklat ay selyado maging sa langit, iyon ay ang mga hiwaga. Sasabihin mo, "Naroroon ba ang aking pangalan?" Hindi ko alam; sana nga.

300 Ngunit kung naroon nga ito, ito ay nailagay sa Aklat bago pa itatag ang sanlibutan. Ngunit ang unang kumatawan sa katubusan ay ang Corderong dumating na pinaslang bago pa itatag ang sanlibutan. At kinuha Niya ang Aklat (Luwalhati.), binuksan Ito, at pinunit ang mga Tatak, at isinugo ito sa lupa sa Kaniyang ikapitong anghel upang Ito'y ihayag sa Kaniyang bayan. Hayan.

301 Ay, naku, ano'ng nangyari? Ang mga sigawan, ang mga paghiyaw, ang mga alleluia, ang pinahiran, ang kapangyarihan, ang kaluwalhatian, ang manipestasyon . . .

302 At si Juan, na matagal nang nakatayo ro'n na kapatid natin, na umiiyak; "Aba," aniya, "lahat ng bagay sa langit, lahat ng bagay sa lupa, at lahat ng bagay sa dagat ay narinig akong sumigaw ng, Siya nawa, pagapala, kapurihan, at kapangyarihan, at karangalan, at kalakasan at kapangyarihan ay mapasa Kaniya na nabubuhay magpakailan-kailan man."

303 Napakasayang panahon nang mabuksan ang mga Tatak na iyon . . . Malamang ay sumilip si Juan at nakita ang lampas sa tabing ng panahon at nagsabi, "Hayun si Juan."

304 Oh, napakasaya niya. Ang sabi niya, "Ang lahat sa langit." Malamang ay talagang sumigaw siya, hindi ba? "Ang lahat ng nasa langit, lahat ng nasa lupa, lahat ng nasa ilalim ng lupa, bawat nilalang, at lahat ng iba pa, ay narinig akong nagsasabi, 'Amen, pagpapala at kaluwalhatian at karunungan, at kapangyarihan, at kalakasan, at kayamanan ay nabibilang sa Kaniya. Amen.'"

305 Bakit? Nang maipahayag na ang Cordero, ang Manunubos, ang ating Kaanak ay nagbalik na mula sa luklukan ng pamamagitan at lumabas upang kunin ang Kaniyang pag-aari.

Oh, soon the Lamb will take His bride

To be ever at His side,

All the host of heaven will assembled be;

O, it will be a glorious sight,

31 Naaalala n'yo ang Anghel sa Apocalipsis 1? Ganu'n din. Ang Anghel ay isang mensahero, at Siya'y isang Mensahero sa Israel. Kita n'yo? Ang Iglesia ay naagaw na. Kita n'yo? Ngayon, o malapit ng agawin. Siya'y darating para sa Kaniyang Iglesia.

32 Ngayon, masdan n'yo.

At may isang maliit na aklat na bukas sa kaniyang kamay: . . .

33 Ngayon, dito ito ay sarado pa, at selyado, samantalang dito ito'y bukas na; nabuksan na ito. Magmula ng panahon ng pagkakaselyo na ating tatalakayin mamayang gabi, ngayon ang Aklat ay bukas na. May isang maliit na Aklat sa Kaniyang kamay—sa Kaniyang . . . Ito ay nabuksan na. Oh, papaanong . . . Ang araw ay tila mga haligi . . . Sandali lang, hayaan n'yong mag-umpisa akong muli sa pagbasa rito.

At may isang maliit na aklat na bukas sa kaniyang kamay: at tinungtong ang kaniyang kanang paa sa dagat, at ang kaniyang kaliwa ay sa lupa,

At sumigaw ng malakas na tinig, na gaya ng leon na umaangal: . . . (Alam nating Siya ang Leon sa angkan ni Juda. Dito Siya'y isang Kordero, ngunit dito naman Siya ay isang Leon. Kita n'yo?) . . . *at pagkasigaw niya, ang pitong kulog ay umugong.*

34 Ngayon, inutusan si Juan na isulat kung ano ang kaniyang nakita, kaya't dinampot ng apostol at propetang iyon ang kaniyang panulat upang sumulat.

At pagkaugong ng pitong kulog, ay isusulat ko sana: at narinig ko ang isang tinig na mula sa langit, na nagsasabi, Tatakan mo ang mga bagay na sinalita ng pitong kulog, at huwag mong isulat. (Ngayon, iyon ang hindi natin alam. Iyon ay ipahahayag pa lamang; wala sa Banal na Kasulatan kung ano ang sinasabi ng mga kulog na iyon.)

At ang anghel na aking nakita na nakatayo sa ibabaw ng dagat at sa ibabaw ng lupa ay itinaas ang kaniyang kanang kamay sa langit, (Ngayon, makinig kayo.)

At ipinanumpa yaong nabubuhay magpakailan kailan man, na lumalang ng langit at ng mga bagay na naroroon, at ng lupa at ng mga bagay na naririto, na hindi na magluluwat ang panahon: (Masdan n'yo, heto ang talatang nais kong puntahan.)

Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel pagka malapit nang siya'y humihip, kung magkagayo'y ganap na ang hiwaga ng Dios, ayon sa mabubutig balita na kaniyang isinaysay sa kaniyang mga alipin na propeta.

Ngayon, nakikita n'yo, ang hiwaga ng Aklat na ito na may pitong Tatak ay mahahayag sa pagtunog ng mensahe ng ikapitong anghel. Kita n'yo? Sa pagsisimula ng pagtunog ng ikapitong anghel, at nakasulat na riyan ang mga mensahe, at nasa atin na iyon sa anyo ng tape at aklat.

35 Ngayon, sa pasimula ng pagtunog ng mensahe, ang hiwaga ng Diyos ay dapat nang matapos sa panahong iyon (Kita n'yo?). Ngayon, mapapansin natin, ang Aklat ng hiwaga ng Diyos ay hindi mahahayag hanggang sa tumunog na ang mensahe ng ikapitong anghel.

36 Ngayon, ang mga puntong ito ay magiging mahalaga sa mga Tatak; tiyak ako dahil ang bawat bahagi nito ay kinakailangang magdugtong-dugtong. Ngayon, mahiwaga ang pagkakasulat nito, sapagkat walang sinuman saan mang lugar na nakaaalam nito: ang Diyos lamang, si Jesus Cristo. Kita n'yo?

37 Ngunit isa itong Aklat, isang mahiwagang Aklat. Isa itong Aklat ng Katubusan. (Tatalakayin natin 'yan maya-maya.) At ngayon, alam nating ang Aklat ng Katubusang ito ay hindi lubusang mauunawaan: siniyasat na ito sa loob ng anim na kapanahunan ng iglesia, ngunti sa dulo, kapag sinimulan nang patunugin ng ikapitong anghel ang kaniyang hiwaga, tatapusin niya lahat ng mga di naresulbang katanungang siniyasat ng mga taong ito, at ang mga hiwaga ay bababa mula sa Diyos bilang Salita ng Diyos at ihahayag ang buong kapahayagan ng Diyos.

38 Kung magkagayon ang Pagkadiyos at lahat na ay maaayos na. Lahat ng mga hiwaga: ang binhi ng serpente at anupamang kailangang maihayag.

39 Ngayon, kita n'yo, hindi ko iyan ginagawa-gawa lamang. Iyan ang . . . ITO ANG SABI NG PANGINOON. Babasahin ko iyon sa inyo mula sa Aklat: sa pagtunog ng mensahe ng ikapitong anghel, ang hiwaga ng Diyos ay dapat nang matapos na naihayag sa pamamagitan ng Kaniyang mga banal na propeta. Iyon ang mga propetang sumulat ng Salita.

40 Sa pagtunog ng ikapitong kapanahunan ng iglesia, sa huling kapanahunan ng iglesia, lahat ng mga di naresulbang katanungan na siniyasat sa mga kapanahunang ito, ay sama-samang matutugunan. At kapag nakalas na ang mga Tatak at ang hiwaga ay nahayag na, papanaog ang Anghel, ang Mensahero, si Cristo, na tinatapak ang kaniyang paa sa lupa at sa dagat na may bahaghari sa Kaniyang ulunan.

41 Ngayon ay inyong tandaan, ang ikapitong anghel na ito ay nasa ibabaw ng lupa sa panahon ng pagdating na ito.

42 Tulad din nang ibinibigay ni Juan ang kaniyang mensahe, kasabay ng pagdating ng Mesias sa mga araw . . . Alam ni Juan na makikita niya Siya, sapagkat siya ang magpapakilala sa Kaniya. At nauunawaan natin na sa

Ikaw ay pinatay, binili Mo sa Dios . . . (Masdan n'yo.) . . . ng Iyong dugo ang mga tao sa bawa't angkan, . . . wika, at bayan, at bansa;

At kami'y Iyong ginawang kaharian at mga saserdote sa aming Dios: at kami'y maghahari sa ibabaw ng lupa.

294 Hinangad nilang makabalik, at narito sila'y magbabalik upang maging mga hari at saserdote. Luwalhati sa Diyos. 294 Sapat ang ganda ng pakiramdam ko upang magsalita ng iba't ibang wika. Tignan n'yo.

295 Masdan n'yo. Heto, tila wala akong sapat na wika na maipangpupuri ko sa Kaniya. Kailangan ko ng isang ni hindi ko alam, pansinin n'yo.

At nakita ko . . . (Makinig kayo rito.) . . . At nakita ko, at narinig ko ang tinig ng maraming mga anghel.

296 Pakinggan n'yo kung ano'ng Jubileo ang nagaganap. Nang makita nilang dumating ang Cordero at kinuha ang Aklat ng Katubusan, ang mga kaluluwa ay nagsigawan. Kukunin natin iyon. Lahat, ang bawat isa, ang mga matatanda ay nagpatirapa; ibinuhos nila ang mga panalangin ng mga banal. Ano? May isang Kaanak na kumatawan para sa atin. Nagparirapa sila, at umawit sila ng isang awitin at nagsabi, "Ikaw ay karapatdapat, sapagkat Ikaw ay pinatay." Masdan n'yo kung anong . . . At tignan n'yo ang mga Anghel na ito.

At nakita ko, at narinig ko ang tinig ng maraming mga anghel sa palibot ng luklukan at ng mga nilalang na buhay at ng matatanda: at ang bilang nila ay sampung libong tigsasampung libo; (Hu. Pansinin n'yo.)

Na nagsasabi ng malakas na tinig, Karapatdapat ang Cordero na pinatay upang tumanggap ng kapangyarihan, at kayamanan, at karunungan, at kalakasan, at kaluwalhatian, at pagpapala.

297 Napakagandang Jubileo ang magaganap sa kalangitan kapag ang Corderong iyon ay lumisan na sa dako ng pamamagitan upang pumarito at gumawa ng pag-aangkin. Alam n'yo, nakaapekto iyon kay Juan. Malamang ay nakita niya ang kaniyang pangalan na nakasulat do'n. Nang mabuksana ng mga Tatak na iyon, malamang ay naging napakasaya niya. Pakinggan n'yo kung ano'ng sinabi niya:

At ang bawa't bagay na nilalang na nasa langit at nasa ibabaw ng lupa, at nasa ilalim ng lupa, at nasa ibabaw ng dagat, at lahat ng mga bagay na nasa mga ito, ay narinig kong nangagsasabi, Sa kaniya na nakaupo sa luklukan, at sa Cordero ay ang pagpapala, . . . kapurihan, . . . kaluwalhatian, . . . paghahari, magpakailan man . . .

298 Amen, at amen, at amen. Oh.

pitong mensaherong nagpanatili sa paglagablab ng apoy na iyon. Kita n'yo? Tama.)

At siya'y lumapit . . . (ang Cordero) . . . at kinuha ang aklat sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan—(nakaupo sa trono)

289 Ngayon ay masdan n'yo, at nang iyon ay gawin Niya, masdan n'yo kung anong nangyari. Nagkaron talaga ng Jubileo. Ngayon, dito na nga talaga naganap ang pagbubukas ng mga Tatak na iyon. Tutungo tayo sa kalahating oras ng katahimikan, pagkatapos lamang nito. Masdan n'yo ito. At nagsimula tayo dito, at magtatapos tayo sa susunod na Linggo ng gabi, dito rin mismo. At makinig kayo nang husto ngayon. Handa na ba kayo? Magsabi kayo ng “Amen.” Pakinggan n'yo nang husto kung ano'ng nangyari.

290 Nang taglayin Niya ito—nang humihibik ang buong nilalang, walang sinumang nakaaalam kung ano'ng dapat gawin, at tumangis si Juan. Narito't dumating ang Cordero; at ang Aklat na ito ay nasa mga kamay ng orihinal na May-ari, sapagkat ang tao ay nahulog at kaniya itong naiwala, at wala nang taong may kakayahang kunin iyon upang tubusin ang mundo: walang pari, walang papa, walang anuman, tulad ng sinabi ko; ngunit lumapit ang Cordero, walang Maria, walang santong ganito at santong ganiyan; ang Cordero ang lumapit, duguan, pinaslang, at kinuha Niya ang Aklat mula sa kanang kamay Niyaong nakaupo sa luklukan. At nang makita nilang nagkaroon ng isang Manunubos . . . Lahat ng mga kaluluwang nasa silong ng dambana, nang ang mga Anghel, nang ang mga matatanda, nang ang . . . nakita iyon ng lahat, nang mangyari ito . . . ito'y . . .

291 Narito ito'y nasa hinaharap pa. Ngayong gabi Siya'y isang Tagapamagitan, ngunit papunta na Siya rito; masdan n'yo.

292 At nang kunin Niya ang Aklat, ang apat na nilalang na buhay at ang dalawampu't apat na matatanda ay nagpatirapa sa harapan ng Cordero, na ang bawat isa sa kanila ay may alpa, at mga mangkok na ginto na puno ng kamangyan, na siyang mga panalangin ng mga banal.

293 Iyon ang mga nasa silong ng dambana na nalangin sa loob ng mahabang panahon (Kita n'yo?), nanalangin sila para sa katubusan, nanalangin sila para sa pagkabuhay na muli, at narito ibinubuhos ng mga matatandang ito ang mga panalangin dati, ‘pagkat “Ngayon, mayroon na tayong isang kinatawan. Mayroon na tayong isang Kaanak sa langit na lumabas upang gumawa ng Kaniyang pag-aangkin.”

At sila'y nangagaawitan ng isang bagong awit, na nagsasabi, Ikaw ang karapatdapat na kumuha ng aklat, at magbukas ng mga tatak nito: sapagka't

Kasulatan, sa Malakias 4, na may lilitaw na isang tulad ni Juan, isang Elias, na maaaring datnan ng Salita ng Diyos, at ihahayag niya sa pamamagitan ng Espiritu Santo lahat ng mga hiwaga ng Diyos at ipanunumbalik ang pananampalataya ng mga amang apostoliko sa mga anak: isasauli lahat ng mga hiwagang ito na siniyasat sa nagdaang makadenominasyong mga taong ito.

43 Ngayon, iyan ang sabi ng Salita. Responsable lang ako sa kung anong sinabi Nito. Kita n'yo? Kung ano'ng naisulat ay tama. Iyon na 'yon.

44 Ngayon, nakikita natin na ang Aklat na ito na may pitong Tatak ay ang hiwaga ng katubusan. Ito'y isang Aklat ng Katubusan mula sa Diyos. Ngayon, lahat ng mga hiwaga sa panahong ito ay dapat nang matapos sa pagtunog ng mensaherong ito.

45 Ngayon, narito ang anghel sa ibabaw ng lupa, at may isa pang Anghel, makapangyarihang Mensahero na bumaba. Kita n'yo, ang anghel na ito ay isang makalupang anghel, mensahero.

46 Ngunit narito't bumababa ang Isa mula sa langit: may bahag-hari, tipan. Kita n'yo? Walang nang iba ito kundi si Cristo; tulad na tulad ng nasa unang kabanata ng Apocalipsis, na nakatayo sa kalagitnaan ng pitong kandelerong ginto na may bahag-hari na kung titignan ay parang batong jaspe at sardio.

47 At narito Siya'y bumalik sa ika-10 kabanata matapos ang panahon ng pagdating, kung kailan ang lahat ng mga hiwaga ay matatapos na, at ang mga Tatak ay makakalag na, at ihahayag Niya na ang panahon ay hindi na magluluwat. Malapit na tayo sa kung saan. Tama.

48 Ngayon, pansinin n'yo, hawak-hawak ng Pitong Tatak ang hiwaga ng Aklat. Malibang makita natin kung anong sinelyuhan ng Pitong Tatak na iyon, tayo'y nagpapalagay lamang hinggil sa mga bagay na iyon. Sapagkat tulad ng sinabi ko sa inyo kaninang umaga, sa munti kong mensahe kaninang umaga na “Diyos Na Nakatago Sa Kasimplehan,” . . . Mangyari kasi, tiyak na hindi natin ito makikita malibang ito'y walang pasubali at tunay na ihayag ng Espiritu Santo at binindika rin naman. Kita n'yo? Kapag lumitaw ang propeta at nagsabi sa inyong ganito iyon, at hindi binindika ng Diyos, kalimutan n'yo iyon. Kita n'yo? Ngunit kailangang ibindika ng Diyos ang bawat pahayag at bawat bagay upang ito'y maging tama. Kita n'yo, kita n'yo? Samakatuwid babantayan ng Kaniyang mga anak ang mga bagay na iyon (Kita n'yo?), at sila'y magiging alisto.

49 Pansinin n'yo, may Pitong Tatak sa Aklat na . . . Natatatakan ng Pitong Tatak na ito ang Aklat. Kita n'yo? Ang Aklat ay lubusang naseselyuhan.

Nauunawaan n'yo ba? Ang Aklat ay lubos na selyadong Aklat hanggang sa makalag ang Pitong Tatak. Ito'y selyado ng Pitong Tatak.

50 Ngayon, iba iyon sa Pitong Kulog. Kita n'yo? Ito ay Pitong Tatak na nasa Aklat, at ang mga Tatak ay hindi makakalag hanggang sa pagdating ng mensahe ng ikapitong anghel. Kita n'yo? Kaya't tayo'y nagpapalagay lamang, ngunit ang tunay na kapahayagan ng Diyos ay magaganap sa pagtunog na iyon at sa binindikang Katotohanan. Ngayon, ganiyan nga ang sinabi ng Salita. Ang mga hiwaga ay dapat nang matapos sa panahong iyon. At ang Aklat na ito na may pitong tatak, tandaan n'yo, ay nakasara dito sa ika-5 kabanata ng Apocalipsis, at sa ika-10 kabanata ng Apocalipsis ay nabuksan na.

51 At ngayon, makikita natin kung anong sinasabi ng Aklat tungkol sa kung papaano ito nabuksan. At hindi ito ipinaalam hanggang sa kunin ng Cordero ang Aklat, at kalasin ang mga Tatak, at buksan ang Aklat. Kita n'yo? Kinakailangang kunin ng Cordero ang Aklat; ito'y sa Kaniya.

52 Ngayon tandaan n'yo, walang sinuman sa langit, o sa lupa: papa, obispo, cardinal, state presbyter, o sinumang maaring magkalas ng mga Tatak o maghayag ng Aklat maliban sa Cordero. At nag-usisa na tayo, at nagpalagay, at natalisod, at nagtanong, at—at iyan ang dahilan kung bakit tayo'y nasa ganitong kalituhan: ngunit may pangako ang Diyos na ang Aklat na ito ng Katubusan ay ganap na mabubuksan ng Cordero, at ang mga Tatak niyaon ay kakalasin ng Cordero sa huling araw na ngayon ay kinabubuhayan natin.

53 At hindi ito mahahayag malibang kunin na ng Cordero ang Aklat at kalasin ang mga Tatak, sapagkat alalahanin n'yo, ang Aklat ay hawak Niyaong nakaupo sa luklukan. At ang Cordero ay lalapit sa Kaniya na nakaupo sa luklukan at kukunin ang Aklat mula sa Kaniyang kanang kamay: kukunin Niya ang Aklat.

54 Oh, malalim 'yon. Sisikapin nating lutasin ito kung magagawa natin sa tulong ng Espiritu Santo. Ngayon, umaasa tayo sa Kaniya. At makikita natin mamaya na sa huling panahon ay mauubos ang oras. Walang denominasyong may karapatang magpaliwanag ng Aklat. Walang sinumang taong may karapatang magpaliwanag Nito. Ang Cordero ang magpapaliwanag Nito, at ang Cordero ang mangungusap Nito, at ipahahayag ng Cordero ang Salita sa pamamagitan ng pagbibindika at pagbibigay-buhay sa Salita. Kita n'yo? Eksakto.

55 Pansinin n'yo, ang Aklat na ito ay hindi maihahayag malibang matapos na ang mga kapanahunan ng iglesia at ang mga panahon ng denominasyon, at hindi na magluluwat ang panahon. Kita n'yo? Ito'y maihahayag lamang

281 Hari na Siya ngayon. Ang awa ay nasa luklukan pa. Huwag n'yong tanggihan ang Kaniyang alok. Kita n'yo? Kilala ng mga mangangabayo kung sino kayo.

282 At ngayon, ang Kaniyang kalaban, na nagbigay sa kaniya ng problema sa loob ng sanlibong taon, na nagsasabi, “Magagawa ko sa kanila anumang naisin ko. Nasa akin pa rin sila; akin sila. Ako'y . . . Naiwala nila ang titulo noon pa”; ngunit Siya ang Kaanak na Manunubos.

283 Ang sabi Niya . . . Sa nagdaang panahong ito Siya'y namamagitan, ngunit isang araw . . . Ang sabi Niya, “Ilalagak Ko sila sa libingan.”

284 Ngunit sinabi Niya sa Iglesia, “Ilalabas Ko kayo (Kita n'yo?), ngunit kailangan Ko munang maging Tagapamagitan.”

285 Ngayon, lumabas Siya, humakbang Siya palabas ng walang hanggan, mula sa luklukan ng Ama kung saan ay umupo Siya bilang isang Tagapamagitan. Ngayon darating Siya bilang Hari, oh, upang pamunuan ang lahat ng mga bansa sa pamamagitan ng tungkod na bakal. Nakahanda na ang Paghuhukom. Oh, kapatid, hawak ng ating Kaanak na Manunubos ang lahat. Tama; opo.

286 Ano'ng gagawin Niya? Palalapitin Niya ang kamay ng kalaban na si Satanas. “Sa akin na sila ngayon; ibinangon Ko sila mula sa libingan.” At kukunin Niya ang lahat ng mga sinungaling, at mga nagbaluktot ng Salita, at lahat ng tulad niyon kasama ni Satanas at papatayin sila sa dagat-dagatang apoy. Tapos na siya ngayon. Ibubulid sila sa isang dagat-dagatang apoy . . . Ay, naku.

287 Alam n'yo? Nais ko lang magsabi ng isang bagay dito bago tayo magtapos. At pagkatapos ay magmamadali tayo. Pansinin n'yo, nasa ika-7 talata na tayo, ngunit mula sa ika-8 talata hanggang sa ika-14, nais kong makita n'yo kung ano'ng mangyayari. Lahat ng mga nasa langit at lahat nga mga nasa lupa . . . Pakinggan n'yo lang ito; hayaan n'yo ngang basahin ko na lang. Pagagay ko'y mas makabubuti kung babasahin ko na lang mula sa Aklat.

288 Nasa ika-7 talata tayo. Kita n'yo? . . . At . . . Masdan n'yo ang ika-6 na talata.

At nakita ko sa gitna ng luklukan at ng apat na nilalang na buhay, at sa gitna ng matatanda, ang isang Cordero na nakatayo, na wari ay pinatay, na may pitong ulo—pitong sungay, . . . (ang ibig kong sabihin) at pitong mata . . . (Kakapaliwanag pa lang natid do'n.) . . . na siyang pitong Espiritu ng Diyos, na sinugo sa buong lupa. (Kita n'yo, Pitong Kapanahunan ng Iglesia, ang

Upang markahan ng mga mangangabayong Tagahatol (Ang mga propeta at tagakita),

Na nakababatid at nakaaalam ng bawat uri.

275 Kung nakasama na kayo kapag tinitipon ang mga baka, makikita n'yong nakatayo ro'n ang amo, at ang mga mangangabayong ay paikot-ikot sa kawan ng mga baka. Makikita niyang daraan ang uri ng bakang inaalagaan niya, at siseniyas siya sa amo; at makikita ito ng amo, at tutungo siya. At iikutan ng kaniyang maliit na kabayo ang lupon ng mga sungay na nagpapaikot-ikot nang ganiyan at ibubukod niya ang kaniyang mga baka. Kita n'yo?

Sabi nila magkakaroon ng pagtitipon,

Mga cowboy ay tatayo, sa mga baka'y matutulad,

Mamarkahan ng mga mangangabayong tagahatol,

Na nakababatid at nakaaalam ng bawat uri.

276 Kita n'yo? Kaya't ang sabi niya:

Wari ko'y magiging isa akong ligaw na batang baka,

Tulad sa taong hinatulang mamatay; (Walang tatak; maaari pang gawing sopas.)

Na gigilitan kasama ng mga walang pakinabang,

Pagdating ng amo ng mga mangangabayong.

277 Nakikita n'yo na ba kung Sino iyon? Ang Amo ng mga mangangabayong. Iyon ay ang Cordero ng pitong mensahero na nakababatid at nakaaalam ng bawat uri. Kita n'yo? Hm.

278 Pansinin n'yo, narito Siya'y dumarating, nililisan ang trono ng pamamagitan, bilang isang Corderong pinaslang upang maging isang Leon, Hari, upang dalhin sa paghatol ang buong mundong hindi tumanggap. Ang ating Kaanak na Manunubos pag nagkagayon ay Hari na ng lahat. Bakit? Nasa Kaniya ang Titulo ng Katubusan. Hawak-hawak Niya ang lahat ng iyon. Nagagalak ako na kilala ko Siya . . . ? . . .

279 Pagkatapos ay aangkinin Niya ang Kaniyang mana; iyon ay ang Iglesia, ang Nobya; aangkinin Niya iyon. Ano'ng gagawin Niya pag nagkagayon?

280 Uutasin na Niya ang Kaniyang kalaban, si Satanas. Siya'y ibubuid Niya sa isang dagat-dagatang apoy kasama ng lahat ng mga kinasihan ni Satanas upang tumanggi sa Kaniyang Salita ng Katubusan.

matapos na maubos na ang mga kapanahunan ng iglesia at ang mga panahon ng denominasyon.

56 Iyan ang dahilan kaya't ang bagay ito ay pinag-aalinlangan nang husto ngayong gabi. Kita n'yo? Dadampot sila ng isang munting doktrina, at tatakbo sa isang tabi at magsasabi, "Ito na 'yon." Ang iba naman ay dadampot ng ibang doktrina, tatakbo sa isang tabi at magsasabi, "Ito na 'yon." At ang bawat isa ay nagtatatag ng isang denominasyon sa silong nito, hanggang sa mayroon na tayong daan-daang mga denominasyon. Ngunit sa lahat ng ito ay makikita mo ang kalituhan; nagtatanong ang mga tao, "Ano ang katotohan?" Kundi ba naman ganiyan ang kalagayan ng araw na ito . . .

57 Ngunit ipinangako Niya na pagkatapos ng panahong iyon, tutunog ang tinig ng ikapitong anghel, at ang Aklat ay mahahayag (Kita n'yo?) sa panahong iyon. Ngayon, huwag n'yong sabihin, "Walang sinuman . . . hindi ligtas ang mga taong iyon dati." Ngunit ang mga hiwagang hindi nila maintindihan: kung papaanong ang Diyos ay maaaring maging tatlo ngunit lisa; kung papaanong ang Kasulatan ay nakapagsasabing magbautismo sa Ngalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo, at pagkatapos ay babaligtad at magsasabing magbautismo sa Ngalan ni Jesus.

58 Kita n'yo? Oh, napakaraming bagay . . . Papaanong sa pagkain ni Eva ng mansanas ay nawasak ang buong sanlibutan? Kita n'yo? Papaanong nangyari ang mga bagay na ito? Ngunit ang mga hiwagang iyon ay ipinangakong maihahayag sa huling panahon.

59 Ito'y mga katanungang hindi lubusang nasagot ng mga dakilang mandirigmang dumating sa eksena, tulad nina Irenaeus, at Martin (Saint Martin), at Polycarp, at ng iba pa; at nina Luther, at Wesley, at lahat ng mga ito (Kita n'yo?), dahil sila ay dumating at nabuhay lamang nang sapat upang bahagyang maghatid ng liwanag at ito'y pasilayin, ngunit iniwan nila sa kadiliman ang maraming mga bagay.

60 Dumating naman ang kapanahunan ng Pentecostal, tulad ng kapanahunan ng Lutheran, sila ay napunta sa alanganing posisyon. Ngunit tama pa rin sila; huwag n'yong sabihing hindi sila tama. Tama sila, ngunit may mga naiwang katanungang hindi nasagot na hindi maipaliwanag. Ngunit nang . . . Bakit? Ang mga Tatak ay hindi pa nabubuksan upang lubusang maihayag kung ano ba ang mga bagay na ito. Kita n'yo?

61 Ngunit sa huling panahon, ang lahat ng mga hiwagang ito ay masasagot at maipamamahagi, at ang mga Tatak ay bubuksan ng Cordero at ihahayag sa Iglesia, at kung magkagayon ay hindi na magluluwat ang panahon. Kita n'yo?

Napakaganda. Ang Aklat kung gayon ay ang Aklat ng Katubusan sapagkat . . .

62 At magpapatuloy ito, at tatalakayin natin mamaya kung papaanong maipapasok ang sandaan at apatnapu't apat na libo at iba pa. Tama. Iyon ay mga Judio.

63 Ngayon, ngayon, si Pablo . . . Bumasa pa tayo nang kaunti. Kukunin ko ang ilan sa mga Kasulatang ito, at sa palagay ko'y dapat nating basahin ang mga ito. Ngayon, buklatin nating lahat . . . Si Pablo sa Mga Taga Efeso 1 . . . Marami sa kanila ay nakikita kong nagsusulat at may mga kuwaderno at inililista ang mga Kasulatan, minamarkahan ang mga ito sa kanilang Biblia para maiba naman. Mabuti 'yan; gusto kong gawin n'yo 'yan, at pagkatapos ay umuwi kayo at inyong pag-aralan. Kita n'yo? At kung kayo mismo ang mag-aaral nito, mas mauunawaan n'yo. Kita n'yo? Pag-aralan n'yo lang, at hilingin n'yo sa Diyos na tulungan kayong makaunawa.

64 Ngayon, bumasa tayo ng isang Kasulatang isinulat ko rito: Mga Taga Efeso 1:13 at 14. Ngayon.

Na sa kaniya'y kayo rin naman, pagkarinig ng aral ng katotohanan, ng evangelio ng inyong kaligtasan,—na sa kaniya rin naman mula nang kayo'y magsisampalataya, ay kayo'y tinatakan ng Espiritu Santo, na ipinangako,

Na siyang patotoo sa ating mana, hanggang sa ikatutubos ng sariling pag-aari ng Dios, sa ikapupuri ng kaniyang kaluwalhatian. (Kita n'yo?)

65 Ngayon, habang nakabukas ang mga Kasulatang ito, ating . . . Kita n'yo, ang Espiritu Santo mismo rito ay isang Tatak. Ang Espiritu Santo ay isang Tatak. At ano ang pakahulugan ng isang Tatak? Isang natapos na gawa.

66 Ang Espiritu Santo ay nagsisilbing Tatak sa indibiduwal . . . At sa indibiduwal na iyon, kapag natanggap niya ang Espiritu Santo, kung magkagayo'y tapos na ang panahon ng kaniyang pananaghoy (Kita n'yo?), sapagkat ito'y isang natapos nang gawa.

67 Tulad ng dati akong nagtatrabaho sa kumpanya ng riles ng tren, at kinakargahan namin ng mga delata at iba't ibang bagay ang mga bagul mula sa pagawaan ng delata at—at . . . Ngunit bago matatakan ang bagul, darating ang inspektor upang makita kung tama ang pagkakagarga sa bagul. Kung hindi, sa unang pagkakataong magkaumpungan ang mga ito o kung anuman, magkakalat ang mga laman nito at magbabasag-basag, at sagutin ito ng kumpanya ng riles ng tren. At susuriin ng inspektor ang bawat bagay upang makita kung nakakamada ito nang maayos. Kung hindi, kukundinahan niya ang bagul. Pag nagkagayon kailangan naming ulitin iyon hanggang sa makuntento ang inspektor. At kapag kuntento na ang inspektor, isasara niya ang pintuan.

271 At nang sumulong ang pinaslang na Cordero mula sa walang hanggan galing sa trono ng Ama at kinuha ang Kaniyang mga karapatan, isa na iyong luklukan ng paghatol. At naging isa na Siyang Leon, Hari, hindi isang Cordero. At tatawagin Niya ang Kaniyang Reyna upang tumayo sa Kaniyang tabi. “Hindi n'yo ba nalalaman na ang mga banal ay hahatol sa sanlibutan?”

272 Ang sabi ni Daniel ang paghuhukom ay naihanda, at ang mga aklat ay binuksan, at may naglingkod sa Kaniya na sampung libong tigsasampung libo: Hari at Reyna. At may isa pang Aklat na binuksan, na walang iba kundi ang Aklat ng Buhay. Iyon ay para sa iglesia. At ang Reyna at Hari ay nakatayo ro'n.

273 Tulad ng sabi ng pagdidili-dili ng cowboy . . .

Kagabi habang nakahiga ako sa kaparangan,

Tumingin ako sa mga tala sa kalangitan;

At inisip ko mayroon kayang cowboy,

Na makapaglalakbay sa lupaing hinihintay.

May landas tungo sa masayang dakong iyon;

Subalit, ika nila, madilim ang daan tungo roon,

Ngunit ang malapad na tungo sa pagkapahamak,

Ay may mga poste't nagliliwanag.

Nangungusap sila tugkol sa ibang dakilang May-ari . . .

274 Nagsasalita siya base sa kaniyang pag-aalaga ng baka. Kung nakasama na kayo kapag tinitipon ang mga ito, mauunawaan n'yo nang malinaw.

Nangungusap sila tungkol sa ibang dakilang May-ari,

Kailanma'y di lumabis ang Kaniyang imbak, sabi nila.

Lagi Siyang may puwang sa makasalanan,

Na mapapadpad sa daang tuwid at makipot.

Di ka raw Niya pababayaan,

Batid Niya bawat kilos at tingin,

Para makasiguro dapat tayong matatakan,

Ngalan nati'y naisulat sa Kaniyang Aklat-Talaan.

Dahil magkakaro'n daw ng dakilang pagbubukod,

Mga cowboy ay tatayo, sa mga baka'y matutulad,

261 Maiisip n'yo ba sina Pedro, at Santiago, at Juan, at ang iba pa sa kanila na naroon sa mataas na silid na nagsasabi, "Oh, nasa atin na ang Espiritu Santo ngayon, ngunit mabuti sigurong manatili muna tayong tahimik."

262 Kapatid, lumabas sila sa mga bintana, at pintuan at lahat na patungo sa kalsada, na kung umasta ay parang mga lasing. Iyon ang tunay na Espiritu Santo.

263 Ngunit nakikita n'y ba, wala rin namang matatanggap na langis ang natutulog na birhen. Tama. At alalahanin, habang sila'y sumusubok na makabili ng langis . . .

264 Tandaan n'yo na hindi sinabi ng Kasulatang nakakuha sila. Ngunit habang sila'y sumusubok bumili, may tinig na narinig. Ano'ng nangyari? Lahat ng mga birheng nakatulog ay nagbangon, at pinag-igi ang kanilang mga ilawan, at nagtungo sa hapunan (Tama ba?), at ang iba pa sa kanila ay naiwan para sa panahon ng kapighatian (Tama.), pagtangis, pagdaing, at pagngangalit ng ngipin.

265 Iyon ang iglesia, hindi ang Nobya, ang iglesia. Ang Nobya ay pumasok. May malaking kaibahan ang iglesia sa Nobya. Opo. Pumasok Siya sa piging ng kasalan . . . Oh, pansinin n'yo, mga kalalakhian.

266 Ang mga Tatak ay nabuksan na. Bakit? Upang maihayag ang mga katotohanang ito sa huling Kanapahunan ng Iglesia. Bakit? Binuksan ng Cordero ang mga Tatak at inihayag ang mga ito sa Kaniyang iglesia upang tipunin ang Kaniyang mga nasasakupan para sa Kaniyang Kaharian, ang Nobya. Kita n'yo? Ay, naku. Nais na Niyang ihatid ang Kaniyang mga nasasakupan sa Kaniyang ngayon.

267 Ano iyon? Mula sa alabok ng lupa, mula sa ilalim ng dagat, mula sa hukay, mula sa lahat ng dako at bawat lugar; mula sa mga dako ng kadiliman, mula sa paraiso, saan man sila naroroon, tatawag Siya at sila'y tutugon. Amen. Tatawag Siya, at sila'y tutugon.

268 Dumating Siya upang kunin ang Kaniyang mga nasasakupan. Ipinahayag Niya ang Kaniyang mga lihim, at nakita Niya; at ang panahon ay hindi na magluluwat sa pagkakataong iyon. Naubos na ang panahon; tapos na. Tama.

269 Lilisanin Niya ang trono ng Tagapamagitan bilang isang pinaslang na Cordero upang maging isang Leon, Hari, upang dalhin sa paghatol ang mundong tumanggi sa Kaniyang mensahe. Hindi na Siya Tagapamagitan.

270 Alalahanin n'yo ang turo ng Lumang Tipan, habang nagmamadali tayo. Kapag naalis ang dugo sa luklukan ng awa, ano na iyon? Luklukan ng paghatol.

Isasara ng inspektor ang pintuan. At seselyuhan niya ito, at walang sinumang maaaring sumira ng selyong ito hanggang sa marating nito ang kaniyang destinasyon.

68 Iyan ang matagal nang ginagawa ng Espiritu Santo. Kita n'yo? Humahayo Siya, at nag-iinspeksyon Siya . . . Kaya't hindi n'yo maaaring taglayin ang mga bagay na ito at . . . Sasabihin mo, "Nagsalita ako ng iba't ibang wika, at sumigaw ako, at sumayaw sa Espiritu." Walang kinalaman 'yan dito. Kita n'yo? Sinusuri ng Espiritu Santo ang taong iyon hanggang sa Siya'y talagang kuntento na at alam Niyang sila ay . . . At sila'y tinatatakan hanggang sa kanilang eternal na destinasyon. Walang anumang maaaring sumira sa Tatak na iyon.

69 Ang Biblia (inililista n'yo ang Kasulatan), ang sabi ng Efeso 4:30 . . .

. . . *huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Dios, na sa kaniya kayo'y tinatakan hanggang sa kaarawan ng pagkatubos.*

Hawakan n'yo ang Salitang "pagkatubos" (Kita n'yo?), hanggang sa araw na mahayag ang Aklat ng Katubusan, at ang Manunubos ay dumating upang angkinin ang Kaniyang pag-aari walang maaaring gumawa niyon. Kita n'yo? Huwag n'yo Itong pighatiin, ang sabi; gumawa kayo ng mga bagay na nakalulugod sa Diyos, sapagkat ang Aklat ay selyado pa ngayon at kayo ay selyado rin naman. Ang Espiritu Santo Mismo ang Selyo.

70 Ang selyo ay nangagahulugang . . . (Ngayon, nakuha ko ang mga salitang ito sa diksyunaryo.) Ang selyo ay nangagahulugan ng isang natapos nang gawa. At kapag nabuksan na ang Ikapitong Tatak, ang hiwaga ng Diyos na naseselyuhan sa mga mahiwagang tatak na ito ay tapos na; pagdating ng araw na nabuksan na ang Tatak na iyon, hayag na kung ano'ng nasa loob niyon.

71 Kung nagtatanong ang tao kung ano'ng nasa bagul; sasabihin mo, "Dapat sana'y ganito-at-ganiyan ito. Dapat sana'y mayroong . . ." Siya'y nagsasapantaha lamang. Ngunit kapag ang selyo ay nasira na at ang pintuan ay bukas na, nakikita na natin ang loob nito at ganap nating nakikita kung anong naroroon. Nakikita n'yo ba? At magagawa lamang iyon sa huling panahon.

72 Ang isa pang pinapakahulugan ng isang selyo ay pagmamay-ari. Kita n'yo? Ang selyo ay may marka, nagpapakita ng pagmamay-ari. Kapag ikaw ay nabili na ng Dugo ni Jesus Cristo at naselyuhan ng Espiritu Santo, hindi ka na pag-aari ng sanlibutan o ng anumang nauukol sa sanlibutan. Ikaw ay pag-aari na ng Diyos.

73 At isa pa: ang isang selyo ay nangangahulugan ng seguridad sa destinasyon nito. Sa aba ng taong susubok na sumira sa selyo. At ang tatak ng Espiritu Santo ay hindi maaaring masira. Narinig na ninyo akong lahat na nagsabing sinabi ng mga tao, “Pinagawa sa akin ng diablo ang ganito.” Hindi, hindi, hindi iyon ginawa ng diablo. Hindi ka pa lang naseselyuhan sa loob, kaya’t (Kita n’yo?), dahil kapag ikaw ay naselyuhan na sa loob, siya’y selyado na sa labas. Kita n’yo?

74 Ngayon, lumabas ka papunta sa kaniya. Hindi niya magawang makapasok sa iyo, sapagkat ang tanging paraan upang makapasok siya sa iyo ay dumaan siya sa kaparehong prosesong dinaanan mo. Kakailanganin niyang maligtas, mapabanal, at mapuspos ng Espiritu Santo; kung magkagayo’y magiging kapatid mo siya. Kita n’yo, kita n’yo, kaya’t hindi siya ang may gawa niyon, hindi, hindi. Pumunta ka lang kasi sa hangganan at nagbalik kang nagnanasa ng mga bagay ng sanlibutan. Hindi siya lubusang nakapasok sa Canaan (Nakikita n’yo ba?), nakatawid sa Jordan, ang kamatayan sa sarili. Kita n’yo?

75 Ngayon, pansinin n’yo. Ngayon, ang Aklat na ito ay selyado, at ikaw ay naseselyuhang kalakip ng Aklat hanggang sa araw ng katubusan. Muli sa Mga Taga Roma 8:22 at 23 . . . Kunin natin ‘yon, at ibibigay natin ang pangyayaring ito, pagkatapos palagay ko’y mas maiintindihan natin kung babasahin ito ng bawat isa. At magbibigay ako sa inyo ng ilang mga Kasulatan dito, upang magawa nating tignan habang maaga pa.

76 Ngayon, 8, Mga Taga Roma 8:22 bilang pasimula . . .

Sapagka’t nalalaman natin na ang buong nilalang ay humihibik at nagdaramdam na may kahirapan na kasama natin hanggang ngayon.

At hindi lamang gayon, kundi pati naman tayo na mayroong mga pangunang bunga ng Espiritu, sa makatuwid baga’y tayo naman ay nangagsisihibik din sa ating sarili, sa paghihintay ng pagkukupkop, na dili iba’t, ang pagtubos sa ating katawan.

77 Ay naku, ay, naku. Hindi ba’t napapainam niyan ang pakiramdam nating mga matatanda? Dapat itong magpaganda ng pakiramdam nating lahat, na naghihintay sa oras na ito. Nauunawaan nating ito’y magaganap sa unang pagkabuhay na muli. Kita n’yo, ang kalikasan ay humihibik; tayo ay humihibik; ang lahat ay humihibik, sapagkat nalalaman nating may kung ano’ng bagay na hindi tama. At ang tanging dahilan kaya kayo humihibik at nananabik dito, ay sapagkat mayroong bagong buhay na pumasok na nangungusap ng isang bagong daigdig.

78 Tulad ng aking maybahay, nagpunta kami rito sa super market di pa katagalan, at ang sabi ko, “Nakakita tayo ng isang pambihirang bagay: isang

nasasakupan, ang sila ay ang mga tinubos Niya; at hindi sila maaaring makalapit sa Kaniyang harapan malibang makuha Niya ang mga karapatan ng pagtubos. At ngayon, lalabas Siya mula sa pagiging isang Tagapamagitan, kung saan nailagay tayo ng kamatayan sa libingan, at paglabas Niya’y taglay Niya ang mga karapatan. Amen.

255 At maging ang mga nabubuhay at nangatitira sa Kaniyang pagdating ay hindi makahahadlang sa mga nangatutulog, sapagkat ang trumpeta ng Diyos ay tutunog sa huling pakakak na iyon, kung kailan ang Huling Tatak ay nabuksan na, at naibigay na ng ikapitong anghel ang kaniyang mensahe; ang huling trumpeta ay tutunog at ang mga namatay kay Cristo ay magbabangon, at tayong mga nabubuhay at nangatitira ay aagawing kasama nila upang salubungin Siya sa himpapawid. Aangkinin Niya . . .

256 Siya ay lumabas na ngayon upang angkinin ang Kaniyang pag-aari.

257 Masdan, tignan n’yo. Naku, kinalas Niya ang mga Tatak, inihayag ang mga hiwaga . . . Kanino ipinahayag ang mga iyon? Sa huling kapanahunan ng iglesia, ang tanging natitirang buhay. Ang lahat ng iba pa sa kanila ay nangatutulog na.

258 Ang sabi Niya, “Kung dumating Siya sa unang pagbabantay, sa ikalawa, sa ikatlo, hanggang sa ikapitong pagbabantay . . .” Sa ikapitong pagbabantay ay may lumabas na utos o panawagan, “Narito ang Kasintahang Lalaki ay dumarating.” At nang sabihin ng mga natutulog na birhen, ng mga iglesiang nominal, “Oh, alam n’yo. Sa paniwala ko’y nais kong taglayin ang Espiritu Santong iyan.” Napansin n’yo ba ang mga Presbyterian at mga Episcopalian?

259 Narinig n’yo ba ang aking mensahe sa Phoenix sa mga lalaking nakatayo ro’n at ang “Tinig” ay nangusap na nagsasabi, “Buweno, ano’ng problema ng may-akdang ito, na nagsasabi, ‘Banal na Father Ganito-at-ganiyan,’” samantalang sinabi ng Bibliang huwag n’yong tawaging “ama” ang sinumang tao. Kita n’yo? Sila’y nangatutulog na kasama nila; iyon ang dahilan. Ngunit nang sila ay lumabas at nagsabi, “Oo, naniniwala kami . . .”

260 Katatawag lang ng isang babae sa isa pang babae at ang sabi, “Alam mo, ako’y Episcopalian,” ang sabi pa, “Nag—nag—nagsalita ako ng iba’t ibang wika nung isang araw; sa paniwala ko’y natanggap ko na ang Espiritu Santo, ngunit shh, huwag mong sasabihin kahit kanino.” Malaki ang alinlangan ko do’n. Maaaring nagsalita ka sa iba’t ibang wika; ngunit kung sisilaban mo ang isang tao, papaano mo siyang mapatatahimik? Opo. Hindi nila iyon kayang gawin.

ay ihip kasabay ng pagbibigay ng mensahe ng huling anghel at ang huling Tatak ay mabubuksan, ang huling Trumpeta ay tutunog, at ang Manunubos ay darating upang kunin ang Kaniyang mga tinubos na pag-aaari: ang Kaniyang iglesia, nahugasan sa Dugo.

249 Ngayon, oh, ang buong nilikha ay nasa Kaniya nang kamay ngayon, at ang buong plano ng katubusan ay naseselyuhan ng Pitong Tatak sa Aklat na ito na Kaniyang kinuha . . . Ngayon, masdan n'yo. At Siya lamang ang makapagpapahayag Nito sa kaninumang ibigin Niya. Nasa kamay Niya iyon. Kita n'yo? Ngayon, ipinangako Niyang magaganap iyon sa panahong iyon, sapagkat ang Aklat ng Katubusan ay naseselyuhan ng Pitong Tatak ng hiwaga. Ngayon, masdan n'yo. Habang ngayon . . .

250 Mga kaibigan, sinabi ko sa inyo na palalabasin ko kayo ng alas otso y media, ngunit nilampasan ko na ang tatlo o apat na pahinang naririto upang makarating dito. Kaya't nais kong . . . Lampas na ako ng alas nuebe, nang sa gayon ay makabalik kayo bukas.

251 Ngunit ngayon, sa Pitong luping Aklat na ito ng mga Tatak ng Katubusan na kinuha ng Cordero sa Kaniyang Sarili—Siya lamang ang nag-iisang makagagawa niyon. At kinuha Niya iyon sa kanang kamay Niyaong nakaupo sa luklukan; ngayon, upang angkinin ang Kaniyang mga karapatan sa pagtubos, upang angkinin para sa akin at sa inyo ang pinagtubusan sa atin, pabalik (Kita n'yo?) sa lahat ng naiwala ni Adan sa halamanan ng Eden; tinubos Niya tayo bapalik do'n.

252 Ngayon, dahil nasa kamay na ng Cordero ang Aklat, handa tayong humingi ng Kaniyang biyaya at habag para sa atin upang ang Aklat na ito na may Pitong Tatak ay mabuksan sa atin at tayo'y bahagyang makatingin nang lampas sa tabing ng panahon. Ay naku.

253 Pansinin n'yo, nang kunin Niya ang Aklat, ang Titolo, na selyado (Ilagay n'yo lang iyan sa isipan n'yo, ngayon.) at buksan ang mga Tatak ng hiwaga upang ihayag ang mga ito, upang dalhin ang mga ito sa Kaniyang . . . Kita n'yo? Lahat ng Kaniyang tinubos na nasasakupan . . .

Ngayon, kapag tinalakay natin ito sa mga Tatak, babalikan natin at titignan natin ang mga kaluluwang nasa silong ng dambana na sumisigaw, “Panginoon, gaano pa katagal, gaano pa katagal.”

254 At naririto Siya bilang isang Tagapamagitan sa dambana, “Maghintay kayo ng kaunti pang panahon dahil mayroon pang ibang dapat magdusang tulad ninyo.” Ngunit ngayon Siya ay darating mula sa huling Tatak na ito. Hindi na Siya isang Tagapamagitan; Siya'y isa nang Hari ngayon. At ano ang gagawin Niya? Kung Siya'y isang Hari, dapat ay mayroon Siyang mga

babaeng nakadamit,” at bihirang bihira iyon. Kita n'yo? Sila'y—sila'y . . . Halos lahat sila ay hindi na nagdadamit. Nauunawaan n'yo ba? At medyo makakalimutin na sila; lumalabas sila nang walang damit. Kaya't kami'y . . . Sadya ang kanilang pagiging makakalimutin.

79 Kaya't ang sabi sa akin ni Meda; aniya, “Bakit ganu'n?” Ang sabi niya . . .

80 “Oh,” ang sabi ko, “sadyang iyon ang espiritu ng bansa.” At sabi ko pa, “Pag pumunta ka sa Germany, mayroon silang espiritu. Pag nagpunta ka sa Finland, mayroong silang pambansang espiritu. Pagdating mo sa America, mayroon tayong pambansang espiritu.” Ang pambansang espiritu natin ay pagbibiro (Kita n'yo?), mga biro. Alam n'yo kung bakit?

81 Naisalig tayo sa aral ng mga apostol. Isinalig tayo sa pamumuno ng mga dakilang kalalakihang tulad nina Washington, Lincoln, ngunit lumayo na tayo sa pundasyong iyon, at alam nating darating sa atin ito. Alam nating may bomba atomika na nakapangalan sa atin. Alam nating nasa unahan natin ang pagkakabihag, hindi na nating kailangang linglangin ang ating sarili.

82 Naaalala ko tuloy ang ilan sa mga komedyanteng ito na naglalalakad, at nagbibiruan, at nagwawala, at ang mga kababaihan ay nagwawalang kasama ng mga kalalakihan. Naaalala ko ang isang batang lalaki na dumaraan sa isang libingan, papito-pito, sinisikap na kumbinsihin ang kaniyang sarili na hindi siya natatakot. Tunay nga na siya'y natatakot. Kita n'yo? Hindi niya malililalang ang sinuman; kaya nga siya pumipito e. Kita n'yo? Sinisikap niyang sabihing hindi siya natatakot, ngunit ganun na nga.

83 Ganiyan nga ang nangyayari sa araw na ito. Ngunit, oh, napakapinagpalang pag-asa para sa mananampalatayang nagtataas ng mga kamay, sapagkat ang nalalapit na ang katubusan kapag nakikita na niyang lumilitaw ang mga bagay na ito. Ito'y isang dakilang panahon para sa mananampalataya.

84 Ngayon, ang mga bagay na ito, ang mga paghibik sa ating mga katawan . . . Napansin n'yo ba ang isang puno kung papaano itong nagpupunyagi para mabuhay? Nais nitong mabuhay. At napapansin n'yo ba ang isang hayop, kung papaanong ito'y nagpupumiglas sa kamatayan. Napapansin n'yo ba ang tao. Ang lahat ng bagay, ang kalikasan ay humihibik. Tayo rin sa ating mga sarili ay humihibik. Kita n'yo? Alam nating may mali. Nakikita natin sa mga talatang ito na may nawala kapuwa sa tao at sa lupa. Lahat ng uri ng nilikha ay may nawala, sapagkat nakikita natin sa kinasihang Salita na ito'y humihibik

dahil sa kung anong kadahilanan. Hindi ka hihibik malibang mayroong dahilan. Tulad ng sinabi ko tungkol sa tinta, mayroon iyong dahilan.

85 Ganiyan din ang pananalangin sa may-sakit; malibang malaman mo ang sanhi . . . Alam ko ang lunas, ngunit kailangan kong malaman ang sanhi. Iyon ang dahilan na kailangang-kailangan ang mga pangitain at ito ay ipinangako. Inihahayag nito ang mga lihim ng puso, sinasabi sa tao kung saan siya nagkamali at kung ano'ng dapat na gawin. Kita n'yo? Gaano man karaming gamot ang inumin mo, o gaano man karaming langis ang ibuhos mo sa kanilang mga ulo, o gaano man kalakas sumigaw ang sinuman sa pananalangin sa'yo, kung may mali, mananatili siya ro'n. Ang sabi ko, "siya"; iyon ay si Satanas.

86 Nakikita n'yo, sa araw na ito, kahit napakaunlad na natin sa medisina, wala pa rin tayong alam tungkol sa mga bagay na ito. Sasabihin mo, "Mayroon siyang cancer." Buweno, wala 'yon; bansag lang 'yon. Tinutukoy lang niyon ang pangalang binansag ng medisina: cancer. Walang kinalaman 'yon sa kung ano ba iyon. Iyon lang ang bansag natin do'n. Tinatawag lang ang bansag natin do'n na cancer. Ngunit sa totoo lang, kung iyon ay hihimayin mo, iyon ay ang diablo. Kita n'yo?

87 Ngayon sinasabi nating "kasalanan"; tinatawag lang natin iyong kasalanan: himayin mo 'yon. Ano ba ang kasalanan? Maraming taong nagsasabing ito'y, "Pag-inom, pangangalunya." Hindi, hindi, iyon ay mga katangian ng kasalanan. Kita n'yo? Iyon ang dulot ng kasalanan (Kita n'yo?), ngunit ang tunay na kasalanan ay di pananampalataya. Doon nagmula ang tawag dito. Kung ikaw ay isang mananampalataya, hindi mo ginagawa ang mga bagay na iyon. Ngunit gaano mo man pagiskapang pabanalin ang iyong sarili at gaano mo man sikaping maging relihiyoso, kapag ginagawa mo ang mga bagay na iyon, ikaw ay isang di mananampalataya. Ayon 'yan sa Kasulatan.

88 Ngayon, may nawala, at ito'y humihibik. Nagsisikap itong makabalik sa orihinal na kalagayan nito. Isipin n'yo ang isang tao na nahulog sa isang malalim na hukay, at siya'y nagpupunyagi, umaakyat, nagpipilit . . .

89 Kailangan nilang makaahon sa hukay na ito sa kung ano'ng paraan. Wala sila sa kanilang orihinal na kalagayan, at buong pag-aalala silang sumisigaw; kinakamot nila ang mga dingding, nag-iingay o may ibang paraang ginagawa. Sila'y humihibik dahil nais nilang makabalik sa kanilang orihinal na kalagayan.

90 Tulad din nang kapag ang isang tao ay tinamaan ng isang karamdaman, ng mga kirot, at sakit, dati'y hindi naman siya ganu'n; ngunit sila'y humihibik.

243 Sino pa ba ang maghihintay ro'n sa inyo kundi ang Kaanak na Manunubos? Ay, naku. Kahanga-hangang pahayag o gawa.

244 Ngayon, nasa Kaniya ang Titulo ng katubusan. Hawak Niya iyon sa Kaniyang kamay; tapos na ngayon ang pamamagitan. Nasa kamay Niya ito. Alalahanin, dati itong nasa kamay ng Diyos, ngunit ngayon ay nasa kamay na ito ng Cordero. Ngayon, masdan n'yo, ang Titulo ng Katubusan ng lahat ng nilikha ay nasa Kaniyang kamay, at Siya'y dumating upang bawiin ito para sa sangkatauhan, hindi para sa mga Anghel; binawi Niya ito pabalik sa sangkatauhan na siyang pinagbigyan nito upang makagawa muli ng mga anak na lalakit at babae ng Diyos, maibalik sila sa halamanan ng Eden, pati na ng lahat ng kanilang naiwala: ang buong sannilikha, ang mga punong kahoy, ang mga hayop, at lahat ng iba pa. Ay, naku. Hindi ba napapaigi niyan ang inyong pakiramdam? Whew.

245 Akala ko pagod ako ngunit hindi na ngayon. Nakikita n'yo ba? Minsan naiisip kong masyado na akong tumatanda para mangaral, at pagkatapos ay makakakita ako ng isang bagay na tulad niyan; naiisip ko namang bata pa ako. Hm. May kung anong nagagawa ito sa'yo. Kita n'yo? Sapagkat nalalaman ko, na mayroong Isa roong naghihintay sa akin. May Isa roong nagbayad ng halaga na hindi ko kayang bayaran; tama; ginawa Niya iyon para sa akin, Charlie. Ginawa Niya iyon para sa iyo; ginawa Niya iyon para sa buong sangkatauhan, at ngayon pumaparito Siya upang angkinin ang Kaniyang mga karapatan sa katubusan. Para kanino? Hindi para sa Kaniyang Sarili, para sa atin. Siya'y isa sa atin; Siya ay kaanak natin. Ay, naku. Siya'y aking Kapatid; Siya'y aking Tagapagligtas; Siya'y aking Diyos; Siya'y aking Kaanak na Manunubos; Siya ang lahat, sapagkat ano ba ako dati nung wala Siya o ano'ng kahihinatnan ko kung wala Siya?

246 Kaya't, nakikita n'yo ba, Siya ang lahat ko, at Siya'y nakatayo ro'n bilang kaanak ko. At ngayon, namamagitan Siya para sa atin hanggang sa mga oras na ito, at ngayon Siya ay dumarating upang kunin ang Aklat ng Katubusan para angkinin ang Kaniyang mga karapatan dahil sa ginawa Niya para sa atin.

247 Namatay sila . . . Ang sabi ni Jesus, "Ang sumasampalataya sa Akin, bagama't mamatay, ay mabubuhay na muli. Sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindi mamamatay. At kumakain ng Aking laman at umiinom ng Aking Dugo ay may Buhay na Walang Hanggan, at babangunin Ko siya sa huling araw."

248 Kahit na makatulog siya sa unang pagbabantay, sa ikalawa, sa ikatlo, sa ikaapat, sa ikalima, sa ikaanim, o sa ikapito, saan man siya makatulog . . . Ano'ng mangyayari? Ang trumpeta ng Diyos ay tutunog, ang huling trumpeta

Ano iyon? Si Cristo at ang Kaniyang Nobya. Pitong Kapanahunan ng Iglesia, magmula ro'n ay may lumabas na pitong propeta, pitong tagakita, mga mata. Kaya't ang huli ay dapat maging isang propeta. Tama.

238 Pansinin, hindi Siya isang hayop. Kinuha Niya ang Aklat mula sa kanang kamay Niyaong nakaupo sa luklukan. Sino iyon? Ang—ang May-ari, ang orihinal na May-ari na may hawak sa Aklat ng Katubusan sa Kaniyang kanang kamay, at walang Anghel, walang malaanghel na nilalang, wala nang iba pang makakukuha ng lugar na iyon. At ang duguang Corderong ito ay lumabas at kinuha ang Aklat sa Kaniyang kanang kamay. Ano iyon? Kapatid, ito ang pinakakahanga-hangang bagay sa Kasulatan, isang pagganap, at walang Anghel, walang anumang makagagawa niyon, at ang Cordero ay dumating at kinuha iyon sa kanang kamay Niyaong nakaupo sa luklukan. Ano iyon? Ngayon ito'y sa Cordero na. Amen.

239 Ang batas ng Diyos ay humiling . . . Siya ang may hawak nito. Ang batas ng Diyos ay humiling ng isang Kaanak na Manunubos, at ang Cordero ay buong tapang na lumabas. “Ako ang kanilang Kaanak. Ako ang kanilang Manunubos. Namagitan na Ako para sa kanila, at ngayon naparito Ako upang angkinin ang kanilang mga karapatan.” Amen. “Naparito Ako upang angkinin ang kanilang mga karapatan. Doon ay may karapatan sila sa lahat ng naiwala sa pagkahulog, at binayaran Ko na ang halaga.” Oh, kapatid. Whew. Hindi ba ito nagpapasaya sa inyo nang husto?

240 Hindi sa pamamagitan ng mabubuting gawa na ating nagawa, ngunit sa pamamagitan ng Kaniyang kahabagan. Oh, sandali lamang. At ang mga matatanda at iba pa ay nagsimulang maghubad ng kanilang mga putong, at ang matataas na pinuno ay nagsimulang magpatirapa. Kita n'yo?

241 Walang sinumang makagagawa niyon. At Siya ay lumapit sa kanan ng Diyos at Kaniyang kinuha ang Aklat mula sa Kaniyang kanang kamay at inangkin ang Kaniyang mga karapatan, “Namatay ako para sa kanila. Ako ang kanilang Kaanak na Manunubos. Aking—Ako ang Tagapamagitan. Ang Dugo Ko ay nabubo. Ako'y naging tao, at ginawa Ko ito upang mabawi ang iglesia, yaong nakita Ko na bago pa itatag ang sanlibutan. Nilayon Ko iyon; ipinangusap Kong iyon ay mapaparoon, at walang sinumang maaaring kumuha niyon, ngunit Ako'y nanaog at Ako na mismo ang gumawa niyon. Ako ang kanilang Kaanak . . . ? . . . Ako'y naging kaanak nila.” At kinuha Niya ang Aklat. Amen.

242 At Sinong naghihintay sa akin doon ngayong gabi? Sino ang Isang iyon, iglesia, na naghihintay ro'n?

Bakit? Hindi tama ang kanilang kundisyon; may kung ano'ng mali, at sila'y humihibik, at nagsisikap na makabalik sa kalagayan nila nung sila'y malusog pa. At kapag ang kalikasan at ang mga tao, ayon sa Biblia, ay humihibik, ipinapakita nitong may kung ano, na sila'y wala sa nararapat nilang kundisyon. May kinahulugan sila.

91 Ngayon, hindi natin kailangang ipaliwanag pa iyan sa atin ng sinuman. Kita n'yo? Sapagkat anopa't alam nating sa Buhay na Walang Hanggan sila nahulog patungo sa kamatayan sa halamanan ng Eden at isinadlak ang buong kalikasang nasa ilalim nila sa kamatayan.

92 Walang punong kahoy na namatay bago dumating si Adan. Walang namamatay na hayop bago dumating si Adan. At iisa lamang ang hindi maaaring mamatay, at iyon ay ang Diyos sapagkat Siya'y Eternal. At iyon ang tanging paraan upang makaiwas tayo sa kamatayan; kailangan nating taglayin sa ating kalooban ang Buhay na Walang Hanggan upang maging mga anak na lalaki't babae ng Diyos. Ngunit nang mamatay tayo (tulad ng sinabi ko sa mensahe kaninang umaga) sa kasalanan ibinenta natin ang ating pagkapanganay at tinawid natin ang guwang na ito. Ngayon, hindi na tayo maabot ng Diyos sa kabilang banda ng guwang na ito.

93 Ngayon, anopa't nang mahulog si Adan sa kamatayan, hinatid niya ang kamatayan sa lahat ng nilikha. Ngayon, binigyan siya ng kalayaang pumili. Ibinigay iyon sa kanila tulad din sa atin—upang makagawa tayo ng pagpili.

94 Ngayon, si Adan at Eva, nung pasimula ay naharap sa punong kahoy ng tama at mali, at ang mga punong kahoy na iyon ay nasa harapan din ng bawat isa sa atin. Kita n'yo, hindi ang Diyos ang gumawa no'n para kay Eva . . . Sasabihin mo, “Buweno, kasalanan nila iyon.” Hindi, hindi na ngayon. Kasalanan n'yo na. Hindi mo na iyon maaaring iatang kay Adan ngayon. Kailangang iatang mo iyon sa sa iyong sarili, sapagkat ang tama at mali ay nasa iyong harapan. Pareho ang kalagayan natin nina Adan at Eva.

95 Ngunit, nakikita n'yo ba, nang tayo ay matubos, hindi na natin nais ang gusto natin, kundi ang nais natin ay ang gusto Niya. Kita n'yo, kita n'yo?

96 Ngayon, si Adan at Eva ay naghangad ng kanilang gusto. Hinangad nilang malaman kung papaano bang magkaroon ng karunungan. Kaya't inusisa nila iyon, at iyon ay nagdulot ng kamatayan.

97 Ngayon, kapag ang isang taon ay natubos na, hindi na mahalaga sa kaniya ang pinag-aralan. Hindi na mahalaga sa kaniya ang mga bagay ng sanlibutan, ang karunungan ng sanlibutan. Ayaw na niyang mamili pa. Si Cristo na ang pinili niya, at iyon na lang; siya'y natubos na. Sadyang ayaw na niyang

pangunahan ang kaniyang sarili. Ayaw niyang ang sinuman ay magsabi sa kaniya kung saan siya dapat magpunta at kung ano'ng dapat niyang gawin. Naghihintay na lang siya at inaalang kung ano ang gusto ng kaniyang Manlilikha. Kita n'yo? At humahayo siya sa Ngalan ng kaniyang Manlilikha, kapag sinabihan siyang humayo ng kaniyang Manlilikha.

98 Ngunit ang taong naghahangad ng karunungan ay nagnanasang malaman . . . Buweno, “Napakaganda ng parokyang ito, ngunit mas malaki ang ipapasuweldo nila sa akin do'n, kaya't do'n ako pupunta.” Kita n'yo, kita n'yo, karunungan . . .

99 Ngayon, nang magkasala si Adan sa pamamagitan ng pakikinig sa pangangatuwiran ng kaniyang asawang babae, sa halip na manghawakan sa Salita ng Diyos, iyon ang nagbunsod kay Adan upang magkasala. Nakipagkatuwiran ang kaniyang asawang babae kay Satanas, at ipinakita niya ang bunga nito kay Adan, at binitiwang ni Adan ang Salita at nakumbinsi. Naiwala niya rin ang kaniyang mana nang maiwala niya ang kaniyang pakikisama at karapatan sa Buhay. Alalahanin, “Sa araw na kumain kayo ro'n, kayo ay mamamatay.”

100 At nang maiwala niya ang kaniyang Buhay, naiwala niya rin ang kaniyang mana sa buhay, sapagkat dati ay may lubos siyang pamamahala sa lupa. Dati siyang diyos ng lupa. Ang Diyos ay Diyos ng sansinukuban, sa lahat ng dako. Ngunit nasa ilalim ng pamamahala ng Kaniyang anak ang mundong ito. Magagawa niyang magsalita; magagawa niyang magpangalan; maaari siyang magsabi; magagawa niyang pigilin ang kalikasan; maaari niyang gawin anumang naisin niya. Kita n'yo? Ngunit nang gawin niya iyon, naiwala niya ang kaniyang mana.

101 Ngayon, maaaring sabihin ni Adan, “Malipat doon ang bundok na ito,” at iyon ay mangyayari. Maaaring sabihin ni Adan, “Mabunot ang punong kahoy na ito, at maitanim doon”; iyon ay mangyayari (Kita n'yo?), sapagkat mayroon siyang ganap at kataas-taasang pamamahala, bilang isang maliit na diyos sa ilalim ng Diyos na ating Ama, sapagkat isa siyang anak ng Diyos.

102 Ngayon, maaari bang huminto tayo rito sandali at kunin natin ang ating tunay na sermon. Kita n'yo? Oh, at kung naipanumbalik na ito sa pamamagitan ng paglilinis ng Dugo, papaano na ngayon? Kita n'yo? Tignan n'yo kung anong ginawa ng Anak ng Diyos, ng ikalawang Adan (Kita n'yo?), at ang sabi Niya, “Gagawin n'yo rin ang mga gawang ginagawa ko.”

103 Kita n'yo, naiwala ni Adan ang kaniyang mana: ang mundo. Ngayon, naipasa ito mula sa kaniyang kamay patungo sa pinagbentahan niya nito: kay Satanas. Ipinagbili niya ang kaniyang pananamapalataya sa Diyos kapalit ng

231 Ang pitong sungay ay ang pitong iglesia (Kita n'yo?), ang Pitong Kapanahunan ng Iglesia, sapagkat iyon ang proteksyon ng Cordero. Ang pinangprotekta Niya sa Kaniyang mga karapatan sa ibabaw ng lupa ay isang lupon ng mga taong isinugo ng Diyos. Kita n'yo, ang sungay ng Cordero . . .

232 Ang pitong mata ay ang pitong mensahero ng Pitong Kapanahunan ng Iglesia: pitong mata, pitong mga tagakita.

233 Nais n'yo bang magsulat ng ilang Kasulatan? Buklatin natin. Ano sa palagay n'yo? May sapat na panahon pa ba tayo? Sige, pumunta tayo sa Zacarias, sa Aklat ni Zacarias, kaunti lamang, at babasahin natin ang bahagi nito. Ayaw kong pagtagalin kayo nang husto sa mga bagay na ito, at ako'y . . .

234 Ganunpaman, ayaw kong di n'yo ito makuha. Ano bang mas mahalaga pa kaysa rito? Ano'ng problema? Ano? Walang nang mas mahalaga pa kaysa sa Buhay na Walang Hanggan sa isang tao, at kailangan nating makuha ito ngayon at tiyaking makukuha nga natin. Sige.

235 Sige po. At ngayon, nais nating basahin ang ikatlong kabanata ng Zacarias. Palagay ko'y tama 'yan: Zacarias 3. Kukunin lang natin ang mga simbulong ito, kung naitala ko ang aking mga Kasulatan. Nagsisigaw ako sa kinaroroonan ko kaninang hapon nang marating ko ito, kaya't hindi ko alam kung nakuha ko ba nang tama o mali; sana nakuha ko. Zacarias 3, tignan natin kung ito'y . . . 89 ang nakalagay sa akin dito, ngunit malamang ito ay 8 hanggang 9. Tama. Tama, alam ko hindi maaaring 89 'yon. Zacarias 3:8 at 9:

Dinggin mo ngayon, Oh Josue, na pangulong saserdote, dinggin mo, at ang iyong mga kasama na nangakaupo sa harap mo; sapagka't sila'y mga taong pinaka tanda: sapagka't naririto, aking ilalabas ang aking lingkod na Sanga. (Si Cristo)

Sapagka't, narito, ang bato na aking inilagay sa harap ni Josue; sa ibabaw ng isang bato ay may pitong mata: narito, aking iuukit ang ukit niyaon, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, at aking aalisin ang kasamaan ng lupaing yaon sa isang araw.

236 Ngayon, buksan natin sa Zacarias 4:10—4:10. Makinig kayo.

. . . *sinong nagsihamak sa araw ng maliliit na bagay? . . .* (Ang Diyos na nasa kasimplehan. Kita n'yo?) . . . *sapagka't ang pitong ito ay mangagagalak, at . . . makikita nila ang pabatong tingga sa kamay ni Zorobabel; ang mga ito'y mga mata ng Panginoon, na nangagpaparoo't parito sa buong lupa.*

237 Ang pitong mata—ang mga mata ay paningin. Ang paningin ay nangangahulugan ng mga propeta, mga tagakita.

224 Pansinin n'yo, may pitong sungay ang Corderong ito. Napansin n'yo ba? "Na may pitong sungay . . ." Katatapos lang nating talakayin iyan. Ang mga "sungay" ay nangangahulugan ng "kapangyarihan" sa hayop. At pansinin n'yo, hindi Siya isang hayop, sapagkat kinuha Niya ang Aklat sa kanang kamay Niyaong nakaupo sa luklukan. Kita n'yo?

225 Pansinin. Ay, naku, sa paniwala ko ay naisulat ko iyan kung saan. Oh . . . Upang kalasin ang mga Tatak at kalagin ang titulo, ang katibayan sa pag-aari, at ang mensahe sa huling anghel, at kukunin Niya ang Kaniyang makaharing lugar; iyan ang gagawin Niya sa paglabas Niya.

226 Ngayon ay masdan n'yo, paglabas Niya, ang pitong sungay . . . Ngayon, nang makita niya ang Corderong ito (sa tingin ni Juan) tila galing ito sa pagkakapaslang; duguan. At Siya'y nanggaling sa walang hanggan, at tumigil na Siya sa pagiging Tagapamagitan. Kung gayo'y manalangin na kayo kay Maria hangga't gusto n'yo.

227 Walang sinumang tao sa langit, sa lupa o sinumang persona, wala kahit saan man ang maaaring kumuha nito; tinangisan pa nga ito ni Juan. Oh, kaibigang Catolico, hindi mo ba iyon nakikita? Huwag kang magdasal sa kung kaninong patay na tao. Ang Cordero ang tanging Tagapamagitan. Kita n'yo? Siya ang lumabas.

228 At ano ang ginawa Niya ngayon? Dati Siyang naririto at namamagitan hanggang sa matubos na ng Kaniyang Dugo ang bawat tao, at alam ng Cordero ngayon kung ano'ng nakasulat sa Aklat. Samakatuwid alam Niya mula pa nang itatag ang sanlibutan na ang mga pangalan nila ay nakasulat na ro'n, kaya't tumayo Siya dati rito at ginampanan ang pamamagitan hanggang matubos ang bawat nakasulat sa Aklat at ito'y natapos na, at ngayon Siya ay lumabas na.

229 Kita n'yo, nagampanan na Niya ang gampanin Niya bilang kaanak na manunubos. Siya ang lahat . . . Alam n'yo, ang kaanak na manunubos ay kailangang magpatoto sa harapan ng mga matatanda. Naaalala n'yo ba ang paghuhubad ng sapatos ni Booz at iba pa? Ginawa na Niya ang lahat ng ito ngayon. Ngayon, darating Siya upang kunin ang Kaniyang Nobya. Amen. Darating Siya ngayon bilang isang Hari; hinahanap Niya ang Kaniyang Reyna. Amen. Nababalutan ng Pitong Tatak ang buong lihim nito sa Aklat na ito (Oh, kapatid.), Pitong Tatak, naghihintay sa Kaniyang pagdating.

230 Pansinin n'yo, talakayin natin ang mga simbulong ito. Alas nuebe pa lang; mayroon tayong tatlong oras upang magpatuloy. Mayroon tayong . . . Atin lamang . . . Sige ang sabi sa akin ni Satanas na napapagod na ang mga tao, kaya't marahil nga ay napapagod na sila, ngunit talakayin pa rin natin ito.

mga pangangatuwiran ni Satanas. Samakatuwid, ang kaniyang Buhay na Walang Hanggan, ang kaniyang karapatan sa Punong kahoy ng Buhay, ang kaniyang karapatan sa mundo ay isinuko niyang lahat sa kamay ni Satanas. Ipinasa niya ito mula sa kaniyang kamay patungo kay Satanas. Kung gayon, ito ngayon ay . . . Ito ay nagbalik at narumihan, at winasak ng binhi ni Adan ang manang taglay sana ni Adan; iyon ay ang mundo. Tama. Kita n'yo? Ang binhi ni Abraham . . .

104 Huminto ako nung isang araw sa Tucson kung saan ako nakatira. Kausap ko ang isang tao sa tuktok ng bundok, nakatingin kami sa ibaba. Ang sabi ko, "Ano'ng palagay mo nung tatlong daang taon na ang nakalilipas, tumatawid diyan ang mga *Papago* nung araw sakay ng kanilang kariton kasama ang kanilang asawa at mga anak na nakaupo sa likuran, naglalakbay sila kung saan, at nabubuhay nang mapayapa. Walang pangangalunya, walang alak, walang pagsusugal, walang anuman sa kanilang kalagitnaan; nabubuhay sila nang malinis. At nagpupunta gabi-gabi ang mga lobo sa batis na tumatawid sa kalaparan nitong Tucson, umaalulong, at namumukadkad ang mga *mesquite* at cactus sa bandang dalampasigan, at sa pagtingin do'n ni Jehova malamang ay napangiti Siya. Ngunit nang dumating ang mga puti sa gawing iyon, ano ang ginawa nila? Binungkalan ang cactus; dinumihan nila ang buong lalawigan ng mga lata ng beer at mga bote ng alak; sinira nila ang moralidad ng bansa. Kaya lang nila nagapi ang mga Indian ay dahil pinatay nila ang kanilang pagkain, ang *buffalo*.

105 Nung nagbabasa ako sa lapida nung isang araw sa museo at nakita ko ang larawan ni Geronimo . . . At marami sa inyo marahil ay nag-iisip na si Geronimo ay isang rebelde. Sa akin siya ay isang tunay na Amerikano. Pinaglalaban lang niya kung ano ang tama, na binigyan siya ng Diyos ng lupa, at ng bansa, at ng isang lugar na matitirhan. Hindi ko siya sinisisi. Nang magdatingan doon ang mga sundaling puti at puwersahan nilang kinubkob ang lupain at pinagpapapatay silang tulad sa mga langaw . . . At naroroon ang orihinal na larawan ng pagamutan ni Geronimo o ng kaniyang ospital. Iyon ay dalawa o tatlong kumot na nakapatong sa isang *mesquite*. At ang mga sugatan, tunay, at totoong mga Amerikanong Indian na iyon na nakipaglaban para sa kanilang mga karapatang ibinigay ng Diyos . . . At naroon si Geronimo karga ang ang isang sanggol sa kaniyang balakang, nakatayo ro'n at tinitignan ang kaniyang mga mandirigma, duguan, naghihingalo nang walang *penicillin* o kung anuman, walang paraan para matulungan sila: mga tunay na Amerikanong kaloob ng Diyos. Pagkatapos ay tatawagin n'yo siyang isang rebelde? Tatawagin ko siyang isang maginoo.

106 Hindi sana sumuko si Cochise. Matanda na siya. Ngunit ang hukbong sandatahan ng Amerika (lahat sila ay nakabihis doon), at lumalabas sila at pinagpapapatay ang mga *buffalo*. Nag-iekskarsyon sila (at inimbento ng Sharpe ang ripleng pang *buffalo*), at sila'y lumalabas doon at nagsisipagsabi, "Oh, maganda ang araw ko ngayon," namamaril sila mula sa gilid ng isang bagul o ng isang pampasaherong sasakyan, na nagsasabi, "Nakapatay ako ng apatnapu sa araw na ito." Apatnapung *buffalo*, na dapat sana'y naipambuhay sa buong tribo ng mga Indian sa loob ng dalawang taon o higit pa. Ano'ng ginawa nila sa kanila? Hinayaan nila silang nakahandusay sa disyerto. Pinabaho ng namamagang bangkay ang lupain. Nanginginain ang mga lobo.

107 Kapag pumapatay ang Indian ng isang *buffalo*, nagdadaos sila ng isang seremonya ng kanilang relihiyon. Kinukuha niya ang kaniyang mga paa, itinatabi niya ang mga ito upang makagawa ng mga kawali. Kinakain nila ang kaniyang karne, maging hanggang sa lamang-loob. Kinukuha nila lahat ng kaniyang karne at isinasabit ito at pinatutuyo. Ang balat niya ay pinatutuyo, at sa pamamagitan niyon ay gumagawa sila ng mga tela at tolda; walang . . . Ngunit nang dumating ang mga puti . . .

108 Ang taksil ay ang puti. Siya ang tampalasan. At dumating siya at inutas ang mga *buffalongs* iyon at ginutom ang mga Indian. Sinumang tunay na lalaki ay makikipaglaban para sa karapatang ibinigay ng Diyos sa kaniya. Isang batik sa bandila ng America ang ginawa nila sa mga Indiang mga Amerikano. Magkagayon man, pag-aari pa rin nila iyon.

109 Ano kaya sa palagay n'yo kung ang Japan o kung may isang—kung ang Russia ay pumasok at magsabi, "Magsilabas kayo. Magsiurong kayo palabas dito." At pagkatapos ay gawin nila sa atin at sa ating mga anak ang ginawa natin sa mga Indian? Ngunit alalahanin n'yo, nagtanim tayo, at ngayon tayo ay aani.

110 Iyan ang batas ng Diyos, alam n'yo. May panahon ng pagtatanim at pagkatapos ay may panahon ng pag-aani. Sa palagay ko'y napakasama niyon; opo.

110 Ngayon, ano'ng nangyari? Lubusang dinumihan ng maruming lahi ni Adan ang lupain. Alam n'yo bang sinasabi iyan ng Biblia? At dahil sa ginawa niya ito (ng maruming lahi ni Adan), lilipulin din sila ng Diyos. Nais n'yo bang basahin iyon? Tignan natin, isinulat ko iyon dito. Buklatin natin sa ika-11 kabanata ng Apocalipsis, at makikita natin. Pumunta tayo sa ika-11 kabanata ng Apocalipsis, at titignan natin kung anong sinabi ng Diyos sa mga sumisira ng lupa.

111 Sa ika-11 kabanata, at kukunin natin ang ika-18 talata, heto na.

216 Walang sinumang maaaring makakuha ng Aklat. Nasa kamay pa rin Ito ng Diyos. Walang papa, pari, anuman iyon, hindi nila magawang kunin ang Aklat. Hindi pa nahahayag ang Pitong Tatak. Kita n'yo? Ngunit kapag natapos na ang pamamagitan bilang isang Tagapamagitan, darating Siya, at si Juan . . . Ang sabi ng matanda, "Siya'y isang Leon," at Siya ay lumabas. Masdan n'yo Siya. Ay, naku. Kita n'yo?

217 Dumating Siya upang kunin ang Aklat (Ngayon, masdan n'yo.) upang ihayag ang mga hiwaga ng Diyos na dating hinulaan ng iba sa lahat ng mga nagdaang panahon ng denominasyon. Kita n'yo na, ang ikapitong anghel . . .

218 Kung ang Aklat na ito ng mga hiwaga ay ang Salita ng Diyos, kailangang maging isang propeta ang ikapitong anghel upang datnan ng Salita ng Diyos. Walang mga pari, mga papa, o anupamang maaaring makakuha nito. Hindi dumarating sa ganu'n ang Salita ng Diyos. Ang Salita ng Diyos ay dumarating lamang sa isa isang propeta: sa tuwina. 219 Nangako ng gayon ang Malakias 4. At kapag lumabas Siya, kukunin Niya ang mga hiwaga ng Diyos, na kinalituhan ng iglesia sa lahat ng mga denominasyong ito, at isasauli ang pananampalataya ng mga anak sa mga magulang; at pagkatapos ay darating na ang paghatol sa sanlibutan, at ang lupa ay masusunog; at pagkatapos ay lalakaran ng matutuwid ang mga abo ng masasama sa milenyo. Nauunawaan n'yo na ba? Sige.

220 Ang iba ay nagpalagay tungkol dito sa panahong makadenominasyon, ngunti kita n'yo, siya na dapat ang lalaking ito, ang ikapitong anghel ng Apocalipsis 10:14 ay isang . . . Ibinigay sa ikapitong anghel ang mga hiwaga ng Diyos at tatapusin niya ang lahat ng hiwagang naiwan sa mga kapanahunang makadenominasyon.

221 Ngayon, makikita n'yo kung bakit hindi ko tinitira ang mga kapatiran sa denominasyon. And sistema ng denominasyon ang tinitira ko. Hindi hila . . . Hindi nila ito kailangang subuking alamin, sapagkat ito ay hindi maaaring maihayag. Iyan ay ayon sa Salita. Nagsapantaha lang sila tungkol dito, at naniwalang iyon nga ay naroroon, at nilakaran nila ito sa pananampalataya, ngunit ngayon ito'y napatunayan na nang may ebidensya. Amen. Ay, naku, napakagandang Kasulatan.

222 Ngayon, masdan n'yo. Kung gayon Siya iyon, ang Cordero, na kukuha ng Kaniyang posisyon bilang hari kapag pinutungan na Siya ng Kaniyang mga banal bilang Panginoon ng mga panginoon at Hari ng mga hari. Kita n'yo?

223 Kita n'yo, naubos na ang panahon. Sa Apocalipsis 10:6; wala nang panahon.

209 Ang kalahating oras ng katahimikang iyon; masdan n'yo kung ano'ng mangyayari sa kalahating oras na katahimikang iyon sa Ikapitong Tatak na iyon sa Linggo ng gabi, kung loloobin ng Panginoon.

210 Lumapit Siya (ano?) upang angkinin na, (Ay, naku.), lumapit Siya upang mag-angkin. Ngayon, nagampanan na Niya ang tungkulin ng isang kaanak na manunubos. Nanaog na Siya, naging tao, namatay; naganap na Niya ang trabaho ng isang kaanak na manunubos, subalit hindi pa Siya nakapag-angkin. Ngayon, Siya ay dumating sa eksena upang angkinin ang Kaniyang mga karapatan (Tignan n'yo kung ano'ng mangyayari. Ay, naku.) na siyang dahilan ng pagkakapaslang sa Kaniya. Sapagkat sa pagiging isang Kaanak ng tao, Siya ay namatay sa kaniyang lugar upang siya'y matubos, ngunit ang matanda ay tama nang sabihin niyang isa Siyang Leon. Kita n'yo? Tinawag Siya ng matanda, ang sabi, "isang Leon," sapagkat naging isa Siyang Cordero dati, isang Tagapamagitan, isang duguang Cordero, ngunit ngayo'y darating Siya bilang isang Leon. Naku.

211 Ang mga kaarawan ng pamamagitan ay natapos na. "Ang marumi ay magpakarumi pa. Ang matuwid ay magpakatuwid pa. Ang banal ay magpakabanal pa." Sarado na ang bagay na ito. Oh, kapatid, ano na kung gayon? At alalahanin, darating ito sa ikapitong kapanahunan ng iglesia, kung kailan ang mga hiwaga ng Diyos ay mabubuksan.

212 Ngayon, masdan n'yong maigi. Ito ay isang bagay na dapat n'yong makuha. Ngayon, dati Siyang namamagitan para sa mananampalataya. Sa loob ng dalawang libong taon naroon Siya bilang isang Cordero.

213 Ngayon, Siya ay lalabas na mula sa walang hanggan upang kunin ang tituladong Aklat, at upang kalasin ang mga Tatak, at ihayag ang mga hiwaga. Kailan? Sa huling panahon. Nakukuha n'yo ba? Sige, magpapatuloy na tayo kung gayon.

214 Ngayon, kakalasin Niya ang Tatak at ilalantad ang mga hiwaga sa ikapitong anghel na ang mensahe ay maghahayag ng lahat ng mga hiwaga ng Diyos. Ang mga hiwaga ng Diyos ay napapaloob sa Pitong Tatak na ito. Kita n'yo? Iyon ang Kaniyang sinabi rito. Ang lahat ng mga hiwaga ay napapaloob sa Pitong Tatak na ito.

215 At ang Cordero ay darating na ngayon mula sa pagiging isang Tagapamagitan sa Diyos at tao; magiging isa Siyang Leon. At kapag naging isa na Siyang Leon, kukunin Niya ang Aklat; iyon ang Kaniyang mga karapatan. Hawak-hawak dati ng Diyos ang hiwaga, ngunit ngayon ay dumating na ang Cordero.

At nagalit ang mga bansa, at dumating ang iyong poot, . . . (Ngayon, masdan n'yo ang poot ng Diyos. Kita n'yo?) . . . at ang panahon ng mga patay upang mangahatulan, at ang panahon ng pagbibigay mo ng ganting-pala sa iyong mga alipin na mga propeta, at sa mga banal, at sa mga natatakot sa iyong pangalan, maliit at malaki; at upang ipahamak mo ang mga nagpapahamak sa lupa.

112 Ano'ng gagawin nila? Aanihin ang kanilang inihatik, tiyak iyon. Kapag nakikita n'yong lumalaganap ang kasalanan sa mga lansangan . . . Gaano karami ngayong gabing ito ng Linggo, gaano karami kaya ang pangangalunyang gagawin sa syudad na ito? Gaano karaming kababaihan ang sisira sa sumpa ng kanilang kasalan sa maliit na butas na ito sa lupa na kung tawagin ay Jeffersonville? Gaano kaya karaming pagpapalaglag sa palagay n'yo ang naitatala sa Chicago sa loob ng tatlung araw? Nasa pagitan ng dalampu't lima at tatlung libo kada buwan, maliban pa sa mga hindi iniulat. Gaano karaming alak ang iniinom sa syudad ng Chicago? Ano sa palagay n'yo ang nangyayari sa Los Angeles sa isang gabi? Gaano kadalas ginagamit nang walang gabuluhan ang Pangalan ng Panginoon sa syudad ng Jeffersonville sa araw na ito? Mas maigi ba ngayon, o mas maigi nung si George Rogers Clark ay dumating nang nakabalsa?

113 Nakita n'yo, lubos nating sinalaula ang mundo ng ating mga karumihan, at ipapahamak ng Diyos ang mga pumapahamak sa mundo. Sinabi ito ng Diyos. Dati ko pa iniisip na may kung ano sa aking kalooban na gustung-gustong umakyat sa mga kabundukan at masdan kung papaano ito inayos ng Diyos.

114 Ayaw na ayaw ko sa Florida kung saan ay mayroon silang mga artipisyal na *palm tree* at . . . Ay, naku. Mas gusto kong makitang winawasiwas ng buwaya ang buntot nito sa ilang kaysa makita lahat ng pagkukunwari at iba pang bagay na ginagawa nila sa ating Hollywood at lahat ng panghalina nila roon at bungkos ng mga lasing at . . . Ay, naku. Iniisip ko na lang, "Isang araw, isang araw . . ." Siya nga.

115 Ngunit alalahanin n'yo, sinabi sa atin ng Biblia sa ika-5 kabanata ng Mateo na mamanahin ng maaamo ang lupa. Tama. Mamanahin ng maaamo at mapagpakumbaba ang lupa. Ang sabi ni Jesus, "Mapapalad ang maaamo (ang mga simple na sadyang hindi nagsisikap na maging kung ano'ng napakadakila); mamanahin nila ang lupa." Sinabi ito ni Jesus. Opo. Ngayon, sinalaula na nila ito, at lilipulin sila ng Diyos, ngunit mamanahin ng maaamo ang lupa matapos na ito'y malinis.

116 Ngayon, ay, naku. Ngayon, ang naiwalang titulo ay nasa mga kamay na ngayon ng orihinal na May-ari, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Ang

titulo ng lupa at ng Buhay ng Walang Hanggan, nang maiwala ito ni Adan, at hindi ito magawang kunin ng maruming mga kamay ni Satanas; kaya't ito'y bumalik sa orihinal na May-ari, ang Diyos Mismo. Makikita natin ito sa loob lamang ng isang sandali; hayun Siya't nakaupo sa trono na hawak-hawak iyon sa Kaniyang kamay: ang titulo. Oh, nagiging relihiyoso ang pakiramdam ko, mga kaibigan. Ang titulo ng Buhay na Walang Hanggan, ang abstract na titulo ng Buhay na Walang Hanggan, nang isuko ito ni Adan kapalit ng karunungan sa halip ng pananampalataya, naibalik ito sa mga kamay ng May-ari: ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Napakadakilang bagay. Tama, naghihintay . . . Ano'ng ginagawa nito? Nasa mga kamay ng Diyos, naghihintay ng pag-aangkin ng katubusan. Gumawa Siya ng daan ng katubusan. Gumawa Siya ng daan pabalik, at isang araw babawiin ito ng Manunubos. Nakikita n'yo na ba kung saan tayo patungo? Mamatiyagan natin ang Lalaking ito na nakauop sa trono. Sige.

117 Naghihintay sa pag-aangkin ng katubusan . . . Ito'y katubusan . . . Ano ang Aklat ng Katubusan, ang titulong ito, ang *abstract* na titulong ito? Sasabihin mo, "Abstract?" Ano ba ang ibig sabihin ng isang "abstract"? Ibig sabihin ay "sinaliksik ito pabalik sa pasimula nito." Tulad ng patak ng tintang iyon kaninang umaga, nang tumama ito sa clorox, nagbalik ito sa pinagmulan niya.

118 At kapag ang kasalanan ay ikinumpisal at nahulog sa Dugo ni Jesus Cristo, ay, naku, nagbibigay ito ng *abstract* pabalik sa Manlilikha, at ikaw ay nagiging anak ng Diyos. Hawak-hawak ng Makapangyarihan sa lahat ang *abstract* na titulo. Ay, naku.

119 Ang katubusan nito ay nangangahulugan ng lahat ng pagmamay-aaring legal sa lahat ng naiwala ni Adan at Eva . . . Ay, naku, ano'ng dapat gawin niyan sa isang isinilang na muling Cristiano. Ito'y legal na pagmamay-ari ng *abstract* na titulo, ang titulo ng Buhay na Walang Hanggan ay nangangahulugang pagmamay-ari mo ang lahat ng naiwala nina Adan at Eva. Whew. Ano ngayon, mga kapatid? Ang pagmamay-ari ng titulo . . .

120 Hindi natugunan ni Adan ang kahilingan ng katubusan matapos niyang malamang naiwala niya ito. Nagkasala siya at naghiwalay sa Diyos at nasa bandang ito ng guwang, kaya't hindi niya ito magawang tubusin. Sadyang hindi niya iyon magawa, sapagkat siya ay—siya mismo ay nangangailangan ng katubusan; kaya't hindi niya iyon magawa.

121 Ngunit hiniling ng batas ang isang Kaanak na Manunubos. Hiniling ng batas ng Diyos ang isang Kaanak na Manunubos. Kung nais n'yo iyong markahan, kaanak na manunubos, makikita n'yo iyon sa Levitico 25. Hindi

paghuhukom. Wala nang Dugo roon, sapagkat ang Corderong nababalutan ng Dugo ay umalis na. Huwag n'yo nang hintayin ang oras na iyon.

202 Naaalala n'yo ba sa Lumang Tipan? Habang wala sa luklukan ng awa ang dugo, iyon ay paghatol, ngunit habang ang dugo ay naroroon, mayroong awa. Ngunit nang umalis ang Cordero, iyon na 'yon. Ano ba siya dati? Dati Siyang Tagapamagitan. Walang ibang persona . . . Sabihin mo sa akin kung gayon kung saan maaaring mamagitan si Maria. Ano'ng maaaring ialok ni Maria? Ano'ng maaaring ialok ni Saint Francis, Saint Assisi, o—o ng alinmang . . . Saint Cecilia, pala, o ng sinupamang ibang tao? Hindi nakakita si Juan ng sanlibong mga banal na lumabas sa pagiging tagapamagitan; nakakita siya ng isang Cordero, isang Cordero na pinaslang: duguan. Wala akong pakialam kung gaano karaming mga banal ang pinaslang; nararapat lang sa kanilang lahat iyon, sa bawat isa sa kanila. Tulad ng sinabi ng magnanakaw sa krus, "Nagkasala tayo, at nararapat lang sa atin ito, ngunit ang Lalaking ito ay walang anumang ginawa."

203 Siya lamang ang tanging Taong karapatdapat. Heto't dumating Siya mula sa dako ng pamamagitan. Ano'ng dahilan ng Kaniyang pagdating? Masdan n'yo Siya. Ay, naku.

204 Tumatangis si Juan. Nasaan na ang lahat? Ano'ng mangyayari?

205 Ang sabi, "Huwag kang tumangis, Juan," wika ng matanda, "narito't dumarating ang Leon. Siya ang nagtagumpay."

206 At nang lumingon siya, narito ang isang Cordero, duguan, na pinaslang. Anumang pinaslang ay madugo, alam n'yo na, ito'y pinatay; ang leeg nito ay nawakwak sa pagkakataga o kung anuman; nababalutan ito ng dugo. Narito ang isang Cordero, pinaslang. At lumabas Siya. Ay, naku. Ano? Upang gumawa ng pag-aangkin sa Kaniyang pagtubos. Amen.

207 Oh, ako'y . . . Hindi n'yo ba nadaramang nais n'yong magpunta sa isang sulok at umupo at mag-iiyak sandali?

208 Narito ang isang Cordero, duguan pa rin. Si Juan . . . Walang anumang naroroon, lahat ng mga sikat ay nakatayo sa paligid, ngunit walang sinuman sa kanila ang makagawa niyon. Kaya't narito't dumating na ngayon ang Cordero. Ang mga kaarawan ng Kaniyang pamamagitan ay natapos na, ang mga araw ng pamamagitan. Iyan ay kapag ang Anghel na ito ay tumayo na ro'n (Maghintay kayo na makarating tayo sa Pitong Tatak.) at ang panahon ay di na magluluwat. Tama.

195 Saan Ito nanggaling? Nanggaling ito sa luklukan ng Ama kung saan Siya ay naupo mula pa nang Siya ay paslangin at magbangong muli. Siya’y umakyat at umupo sa kanang kamay ng Diyos, magpakailan ma’y namamagitan. Amen. Nagtindig Siya ro’n sa araw na ito bilang isang Tagapamagitan taglay ang Kaniyang Sariling Dugo upang mamagitan sa kawalang-kamalayan ng mga tao. Ngayon, oh, Siya ang aking inaasahan. Siya ay nababalutan pa rin ng klorox, ng klorox ng kapatawaran ng kasalanan.

196 Tinignan ni Juan ang Cordero, at ang Corderong iyon ay tila nanggaling sa pakikibaka. At napansin niya na Siya ay sugatan, puro hiwa, at nagdurugo: isang duguang Cordero. Iyon ang umako sa ating lugar.

197 Hindi ba’t kataka-takang isang simpleng Cordero ang umako sa ating lugar? At nakita niya ang Cordero. Lumabas Siya; hindi Siya nakita nung una ni Juan, dahil dati Siyang nasa walang hanggan, namamagitan pa nga at ipinakikita Niyang ang mga nagsilapit sa Diyos sa ilalim ng hain ng dugo ng mga baka, ng mga kambing, ng isang panghaliling hain, ay Kaniya ring . . . ‘Pagkat silang mga nagsisampalataya ro’n ay tumuro sa Kaniya. At ang Dugo ay hindi pa naibububo, kaya’t naparo’n Siya upang ipawalang-sala sila. Naparoon Siya upang ipawalang-sala kayo at ako. At oh, Diyos, umaasa akong Siya ay naroroon sa gabing ito. Sapagkat ang Cordero ay pinaslang para sa bawat makasalanan.

198 Papaanong makakakita si Jehova ng anumang bagay maliban sa duguang Corderong nakatayo ro’n? At ang Cordero ay lumabas na sa pangitain, na tila pinaslang. Pansinin: nanggaling Siya sa luklukan ng Ama . . .

199 Oh, sa palagay ko, Siya’y . . . Saan Siya nanggaling sa Kaniyang pagsulong patungo sa pangitaing ito? Nanggaling Siya sa kaluwalhatian kung saan Siya ay dating nakaupo sa kanan ng Diyos. Sumulong Siya patungo kay Juan mula sa kaluwalhatian.

200 Oh, hindi ba’t magiging maluwalhati kung maisasaisantabi muna ang ating mga makasalanang kaisipan upang tanggapin Siya, susulong Siya mula sa kaluwalhatian ngayong gabi upang ipakilala ang Kaniyang Sarili sa kanino man: ang Cordero ay sumusulong galing sa pamamagitan sa kaluwalhatian (Tama.) upang gumawa na ng pag-aangkin para sa Kaniyang pagtubos . . .

201 Tandaan n’yo, Siya’y gumanap ng Kaniyang pamamagitan sa nagdaang panahong ito. Ngunit alalahanin n’yo, ang mga Tatak na ito ay handa nang mabuksan, at ang Cordero ay dumating mula sa sangtuwaryo ng Diyos, sumulong . . . Hintayin n’yong makarating tayo sa isang oras na iyon—pag tinalakay na natin ang kalahating oras na katahimikan; ang sangtuwaryo ay umuusok; wala nang pamamagitan; ang Hain ay umalis na; luklukan na ito ng

tayo magkakaroon ng oras upang saliksikin ito nang husto, ‘pagkat alam n’yo ang bawat teksto ay gugugol ng isang gabi. Kita n’yo?

122 Ngunit tumanggap ang batas ng Diyos ng panghalili. Ngayon, ano kaya kung hindi nag-alok ang Diyos ng panghalili? Ngunit ang pag-ibig ang nagbunsod sa Kaniya upang gawin iyon, dahil walang paraan upang makabalik pa ang tao, at wala na ngang paraan upang makabalik siya; wala na siya. Ngunit nakatagpo ng biyaya ng Diyos ang Kaanak na Manunubos na ito sa Persona ni Jesus Cristo. Hiniling ito ng Kautusan; kinatagpo ng biyaya ang kahilingan nito. Oh, “Kamangha-manghang biyaya! Napakatamis ng tunog . . .”

123 Hiniling ng batas ng Diyos ang isang inosenteng panghalili, at sino ang inosente? Bawat tao ay isinilang sa seksuwal na paraan, ayon sa sex: bawat isa.

124 At ang nag-iisang hindi gayon ay nagsuko ng mga karapatan sa Buhay na Walang Hanggan at upang maghari sa ibabaw ng lupa.

125 Oh, kapag pinag-iisipan ko ang Kasulatang iyon, “Sapagkat binili Mo kami pabalik sa Diyos, upang kami’y maghari at maging mga hari at saserdote sa ibabaw ng lupa.” Ay, naku, anong . . . Ang Kaanak na Manunubos . . . Oh, napakagandang kuwento ang tatalakayin natin dito.

126 Pansinin, humiling ang batas ng isang Kaanak na Manunubos upang tubusin ang isang nawalang kayamanan. Kinatagpo ng biyaya ang kahilingang ito sa Persona ni Jesus Cristo. Ang Kalahi ay kilangang isilang sa lahi ng tao.

127 Ngayon, papaanong mangyayaring magiging tayo iyon? Samantalang bawat tao na isinilang ay kinakailangang . . . At sinumang hindi makakita na pagtatalik ang naganap do’n, aba’y, bulag na bulag siya (Kita n’yo?), ‘pagkat bawat taong isinilang ay isinilang ng isang babae. At humiling ang Diyos ng isang Kaanak na Manunubos, at dapat ay isa Siyang tao. Ay, naku, ano nang gagawin n’yo ngayon? Humiling ng isang Kaaanak na Manunubos.

128 Ngayon, hindi Niya maaaring tanggapin ang isang Anghel; kinakailangang isang tao ang makuha Niya, ‘pagkat hindi tayo kaanak ng Anghel; ang isa’t isa ang kaanak natin. Hindi nahulog kailanman ang Anghel. Ibang uri siya ng nilalang, iba ang kaniyang katawan. Hindi siya nagkasala o anuman; iba siya. Ngunit ang batas ay humiling ng isang Kaanak na Manunubos, at ang bawat tao sa ibabaw ng lupa ay isinilang sa sex.

129 Ngayon, hindi n’yo ba nakikita, du’n iyon nagmula. Du’n nagsimula ang kasalanan. Nakikita n’yo ba kung nasaan na ito ngayon? Diyan pumapasok ang inyong binhi ng serpente. Kita n’yo?

130 Ngayon, pansinin n'yo: humiling ng isang Kaanak na Manunubos, at ang Manunubos, Kaanak na Manunubos, ay dapat isinilang sa sangkatauhan. Naiwan tayo niyan sa alanganin, ngunit hayaan n'yong hipan ko ang trumpeta sa inyo. Iniluwal ng birheng kapanganakan ang bungang iyon. Amen. Nagbunga ng Kaanak na Manunubos ang birheng kapanganakan, walang iba kundi ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat na naging Emanuel, kaisa natin, Emanuel. Nakatagpo ang Kaanak na Manunubos. Amen.

131 Nakikita n'yo kung papaanong gumawa ang Diyos ng kahilingan, at wala tayong anumang magawa. Ngunit pagkatapos no'n ay pumasok ang biyaya at hinigitan ang kautusan, at naglabas ng bunga. Amen.

132 Oh, pagdating n'yo sa inyong tahanan, "Kapag nakuha ko na ang munti kong kabina ro'n," tulad ng inaawit ni Brother Neville. Kapag nakarinig kayong lahat ng umaawit doon isang umaga ng, "*Amazing grace! How sweet the sound, that saved a wretch like me!*" sabihin n'yo, "Purihin ang Diyos, nakarating si Brother Branham; hayun siya." Kita n'yo?

133 Siya nga, oh, "*It's grace that taught my heart to fear; it was grace my fears relieved; how precious did that grace appear, the hour I first believed.*" Hintayin n'yong makarating tayo ro'n sa loob lamang ng isang sandali. Ay, naku.

134 Ngayon, tignan natin. Ang Aklat ni Ruth ay nagpapakita ng isang magandang larawan nito: kung papaanong naiwala nina Booz at Noemi ang kanilang pag-aari. (Alam n'yo na—narinig n'yo na akong nangaral tungkol dito, hindi ba? Itaas n'yo ang inyong mga kamay kung narinig n'yo nang ipinangaral ko ito, kaya't naiintindihan n'yo. Kita n'yo?) Kinailangang maging isang manunubos ni Booz, at siya lamang ang tanging makagagawang . . . Kinailangan niyang maging isang kaanak, isang malapit na kaanak, at sa pagtubos niya kay Noemi ay nakuha niya si Ruth. Si Jesus iyon, tinitipo ni Booz si Cristo; at nang tubusin Niya ang Israel, nakuha Niya ang Nobyang Hentil. Kaya nga, nakikita n'yo ba . . . Napakaganda . . . Nailagay natin iyon sa tape, tiyak ako, mayroon iyon dito, kung nais n'yong magkaroon niyon.

135 Ngayon, pansinin n'yo. Ngayon, dapat ay kaanak siya. Kaya't, nakikita n'yo, hindi ito maaaring gawin ng isang Anghel; hindi ito maaaring gawin ng isang tao; dapat isang tao, ngunit hindi maaaring ipinanganak siya ng isang babae: sa pagtatalik. Kaya't naganap ang birhen na kapanganakan, nilukuban ng Espiritu Santo si Maria; samakatuwid, si Jesus ay hindi isang Judio. Si Jesus ay hindi isang Hentil. Si Jesus ay Diyos. Ganu'n nga. Ang Dugo Niya ay hindi dumating sa anumang pagtatalik. Siya ang banal na nilikhang Dugo ng Diyos. At hindi tayo naligtas sa pamamagitan ng dugo ng Judio; hindi rin tao tinubos sa pamamagitan ng dugo ng Hentil. Naligtas tayo sa pamamagitan

187 At nakarinig ako ng isang lalaki na nagsabi, isang kilalang ministrong nagsabi, "Ang Aklat ng Mga Gawa ay mistulang isang andamyo lamang." Iyon ang unang sangang inusbong ng banal na iglesiang iyon. Opo. At kung mag-uusbong siya ng isa pa, magiging ganu'ng uri din. Opo. Mayroon kayong mga hinugpong na sanga ro'n na nagbubunga ng mga lemon na dapat sana'y mga orange, ngunit kapag ang punong iyon ay nag-usbong muli ng sanga, magiging katulad na katulad ito ng orihinal.

188 At ang Mateo, Marcos, Lucas, at Juan, ang mga Ebanghelyong iyon ay nakatayo at nakabantay do'n: ang karunungan ng tao, ang kapangyarihan ng isang leon, ang paggawa ng isang baka, at ang bilis ng mga leopard, o ng agila, pala. Siyanga, ang Ebanghelyo'y nakatayo ro'n kung anong . . .

189 Naaalala n'yo ba nang talakayin natin 'yon? Ito'y nasa Pitong Kapanahunan ng Iglesia.

190 Ngayon, ang sabi Niya, "Ang Leon mula sa angkan ni Juda." Bakit? Mula sa Juda . . . "Oh, si Juda na isang tagapagbigay ng kautusan ay hindi mauuna o mapapasa pagitan ng kaniyang mga tuhod hanggang sa ang Shiloh ay dumating."; ngunit Siya ay magmumula sa Juda. At ang Leon (ang simbulo ng angkan ni Juda) ay nanaig; Siya'y nagtagumpay.

191 At nang tumingin siya sa paligid upang makita kung saan naroroon ang Leon, ang nakita niya ay isang Cordero: kataka-taka, naghahanap siya ng isang Leon at ang nakita niya ay isang Cordero. Tinawag Siya ng matanda na isang Leon, ngunit nang lumigon si Juan, ang nakita niya ay isang Cordero—isang Cordero na tila pinaslang mula pa nang itatag ang sanlibutan: isang Cordero, na pinaslang . . .

192 Ano iyon? Ano ang Corderong iyon? Iyon ay duguan, sugatan, isang Corderong pinaslang ngunit muling nabuhay; at siya ay duguan. Ay, naku. Papaano n'yong matitignan iyon, bayan, at pagkatapos ay manatili kayong isang makasalanan?

193 May isang Corderong lumapit; ang sabi ng matanda, "Isang Leon ang nagtagumpay, ang Leon mula sa angkan ni Juda. At lumigon si Juan upang makita ang Leon, at may dumating na isang Cordero, nanginginig, duguan, sugatan; Siya ay nanaig. Masasabi mong Siya ay nanggaling sa pakikibaka. Siya'y pinaslang, ngunit Siya ay nabuhay na muli.

194 Hindi napansin ni Juan ang Corderong ito dati, malalaman n'yo rito. Hindi Siya nabanggit nung una. Hindi ito nabanggit saan man. Hindi Iyon nakita ni Juan sa buong kalangitan sa kaniyang pagtingin, ngunit heto't Ito'y dumating. Pansinin n'yo, kung saan ito nanggaling . . .

179 Tulad ni Jacob, bilang mandaraya, nang makatagpo niya ang Anghel, siya ay nangunyapit. At sinubukan ng Anghel na makakawala. Ang sabi niya, “Sadyang hindi kita pakakawalan.” At nangunyapit siya hanggang sa makuha niya ang nais niya, at ang pangalan niya ay binago mula sa “supplanter,” na ang ibig sabihin ay “mandaraya” patungo sa ano? Sa isang “prinsipeng kasama ng Diyos, Israel.” Siya ay nagtagumpay.

180 At ang Leong ito mula sa angkan ni Juda ay nagtagumpay. Ang sabi niya, “Huwag kang tumangis, Juan, sapagkat ang Leon mula sa angkan ni Juda, ang Ugat ni David ay nagtagumpay; Siya’y nagtagumpay na. Nagawa na Niya iyon; tapos na, Juan.” Ay, naku. Nakagawa Siya ng klorox na makapagpapabalik sa kasalanan sa maruming mga kamay na—kasama ng karunungan niyaong sumalaula dito: sa tao. Siya nga.

181 Ngunit nang lumingon si Juan, nakakita siya ng isang Cordero. Ibang-iba sa Leon. Ang sabi niya, “Ang Leon ay nagtagumpay.” Kita n’yo, maaari ko namang gamitin iyan doon “Ang Diyos ay Nagkukubli sa Kasimplehan.” Ang sabi niya, “Siya’y isang leon.” Iyon ang hari ng mga hayop. Ang Leon ay nagtagumpay. Ang Leon ang pinakamalakas sa lahat.

182 Humiga ako sa kagubatan sa Africa at narinig kong sumigaw ang mga *giraffe* at ang napakalaking elepante na nakataas ang ilong, “Whee, whee, whee,” at narinig ko ang atungal ng mababangis na hayop sa ilang, at ang—ang mga kuliglig hanggang sa . . . At nakahiga kami ni Billy Paul sa isang maliit na dako na madawag at narinig namin mula sa isang malayong lugar na umungal ang isang leon, at lahat ng nasa ilang ay tumahimik. Maging ang mga kuliglig ay huminto sa paghuni. Nagsalita ang hari. At ito ang Hari. Iyon ang Kaniyang Salita.

184 Oh, ang sabi niya, “Juan, huwag kang mag-alala; huwag kang umiyak; huwag kang malungkot, Juan. Inilagay kita rito sa isang pangitain; mayroon akong ipakikita sa iyong isang bagay. At alam kong ika’y labis na napipighati, sapagkat, alam mo, i—i—ito’y . . . walang matutubos; napahamak na ang lahat ng bagay.

185 Walang sinumang maaaring makatugon sa kahilingan, ngunit ang leon mula sa angkan ni Juda . . .” Alam n’yo ang Juda’y . . . Inilagay natin ito sa pisara, alam n’yo, ang watawat ng Juda ay isang leon.

186 Alalahanin n’yo, ang leon, ang—at ang baka, at iba pa, ang mukha ng tao at iba pa, at minasdan natin ang mga Serafim na iyon—ang Salitang iyon—samantalang ang Marcos, Mateo, Lucas, at Juan ay nakapalibot sa Aklat ng Mga Gawa.

ng Dugo ng Diyos. Iyan ay ayon sa Biblia. Ganun ang sabi Nito. Naligtas tayo sa pamamagitan ng . . .

136 Kaya, nakikita n’yo, si Jesus ay Diyos. Hindi Siya ikatlong persona, ikaapat na persona, ikalawang persona; Siya ang Persona. Siya ay Diyos. Kita n’yo? Siya ay Diyos na Emmanuel. Nanaog ang Diyos mula sa Kaniyang kaluwalhatian, inihayag ang Kaniyang Sarili . . .

Gustung-gusto ko ang kuwentong iyon ni Booth-Clibborn, ang dakila at magandang himnong iyon.

Down from His glory, Ever living story,

My God and Saviour came,

And Jesus was His name,

Born in a manger,

To His own a stranger,

A man of sorrow, tears and agony.

Oh, what condescension,

Bringing us redemption;

When in the dead of night,

Not one faint hope in sight,

God, precious, tender,

Laid aside His splendors,

Stooping to woo, and save my soul.

O, how I love Him! How I adore Him!

My breath, my sunshine, my all in all!

The great Redeemer, Became my Saviour--The great Creator, Became my Saviour,

And all God’s fullness dwelleth in Him.

Iyon ang Isang nakatugon sa kahilingan.

137 Ang biyaya ay nagbunga ng Persona ni Jesus Cristo. At makikita natin ang Aklat na ito ngayon . . . Binatak ng Diyos ang Kaniyang tolda, mula sa Diyos ay naging tao Siya. Binago Niya ang Kaniyang katangian mula sa pagiging Makapangyarihan sa lahat patungo sa pagiging tao, nang sa gano’n ay magawa Niyang mamatay upang matubos ang tao. Hintayin n’yong makita natin Siya, nung walang sinumang karapat-dapat. Kita n’yo?

138 Sige, sa Biblia, sa Aklat ni Ruth habang binabasa n'yo ito malalaman n'yo na ang gayong tao ay tinatawag na goel, G-o-e-l, ang tawag ay goel, o iyon ang tao na makatutugon sa kahilingan; at ang isang goel ay dapat may kakayahang gumanap niyon, dapat ay laan siyang gumanap niyon, at dapat ay malapit na kamag-anak, pinakamalapit na kamag-anak upang maganap niya iyon. At ang Diyos, na Manlilikha na nasa anyong espiritu, ay naging kaanak natin nang Siya'y maging tao upang maako Niya ang ating kasalanan, at mabayaran ang halaga, at matubos tayo pabalik sa Diyos. Hayan. Hayan ang Manunubos. Natubos na tayo ngayon ni Cristo. Natubos na tayo ngayon, ngunit hind pa Niya naaangkin ang Kaniyang pag-aari. Ngayon, maaaring iba ang pananaw n'yo rian ngunit sandali lamang (Kita n'yo?); makikita natin. Kita n'yo?

140 Hindi pa Niya ito naaangkin. Kita n'yo? Kung kinuha Niya ang Aklat ng Katubusan, lahat ng taglay ni Adan noon at lahat ng kaniyang naiwala, ay natubos ni Cristo; at natubos na Niya tayo, ngunit di pa Niya tayo naangkin. Hindi Niya iyon magagawa hanggang sa dumating ang takdang panahon, at pagkatapos ay darating na ang pagkabuhay na muli, at ang mundo ay muling babaguhin, at pagkatapos ay aangkinin na Niya ito, ang Kaniyang pag-aari nang tubusin Niya tayo, ngunit gagawin Niya iyon sa itinakdang pagkakataon. Ay, naku. Ito ay nailarawan sa Aklat na ito na may Pitong Tatak na ating pinag-uusapan ngayon. Tama. Ang Aklat ng Katubusan, nailarawan lahat ng ito rito. Lahat ng gagawin ni Cristo sa wakas ay maihahayag sa atin sa linggong ito sa Pitong Tatak kung ipahihintulot sa atin ng Diyos. Kita n'yo? Tama; ito'y maihahayag.

141 At maihahayag ito habang ang Pitong Tatak ay nabubuksan at nakakalas sa atin, kung magkagayo'y makikita na natin kung ano ang dakilang planong ito ng katubusan at kung kailan at papaano ito magaganap. Nakatago ang lahat ng ito sa Aklat na ito ng hiwaga. Naseselyuhan ito ng Pitong Tatak . . . Kaya nga ang Cordero lang ang maaaring makapagbukas ng mga ito.

142 Ngayon (pagpaumanhinan n'yo ako), nauunawaan natin . . . Ngayon, kung nais n'yong tumingin sa mga Kasulatan; maaari kayong magtungo sa Jeremias at makikita n'yo ro'n na nung papunta na siya sa pagkabihag ng lupain, alam n'yo, binili niya ang . . . ng kaniyang tiyuhin.

143 Ang anak ng kaniyang tiyuhin ay may lupain, at dumaan siya sa pagseselyo, at kung tatalakayin natin ang lahat ng iyon . . . Tinalakay din natin iyon sa Pitong Kapanahunan ng Iglesia, ang mga tatak na iyon at iba pang naroroon.

144 Mangyari kasi, ang isang tatak sa Lumang Tipan ay tulad sa isang balumbon, tulad nito. At narito ang isang hiwaga, at ang hiwagang ito ay nakatago. Tama, naseselyuhan ito paikot at nakalagay dito: ang pag-aangkin

168 At tumingin si Juan, at tinignan niya ang buong mundo; tumingin siya sa ilalim ng lupa, at walang sinumang karapat-dapat. Ang sannilikha at lahat na ay napahamak. Anupa't tumangis si Juan; ang lahat ay napahamak.

169 Gayunman ang pagtangis niya ay sandali lang nagtantal. Pagkatapos ay tumindig ang isa sa mga matatanda na nagsabi, "Huwag kang tumangis, Juan." Ay, naku. Sandali lang ang itinagal ng kanyang pag-iyak.

170 Naisip ni Juan, "Ay, naku, nasaan ang taong iyon? Nakatayo roon ang mga propeta; isinilang sila tulad ng pagkakasilang ko. Nakatayo roon ang mga paham; nakatayo roon ang . . .

171 Oh, wala bang sinuman dito?"

172 "Kailangan Ko ng isang tao na may kakayahang gumanap nito. Kailangan Ko ng isang taong kayang manubos," at siya'y di masumpungan. Kaya't napaiyak si Juan; oh, ang lahat ay napahamak, at siya'y tumangis nang husto. At nalungkot siya, sapagkat ang bawat bagay, ang buong sannilikha, ang lahat ay napahamak na kung wala silang isang matatagpuan.

173 Luwalhati sa Diyos. Kung hindi sila makakakita ng isang makatutugon sa kahilingan, sila—ang bawat tao, ang buong sannilikha ay napahamak na. Ang lahat, ang bawat bagay ay nahulog.

174 Ang karapatan sa katubusan, ang karapatan sa Buhay na Walang Hanggan, sa Liwanag, o—lahat ng mga karapatang ito ay naiwala, at walang sinumang makapagbayad ng halaga.

175 At si Juan ay nagsimulang umiyak, dahil walang sinumang karapat-dapat, at walang sinumang maaaring tumingin man lamang sa Aklat. Oh, kinailangan ang isang tao.

176 Tumangis si Juan, dahil walang sinuman ang makagawa niyon, at ang lahat ay napahamak na.

177 At dumating ang isang tinig mula sa isa sa mga matatanda na nakatayo sa kalagitnaan ng apat na nilalang na buhay, at ang buong kapulungan ng sankalangitan ay nagsabi, "Huwag kang tumangis, Juan." (Oh, naku, ang biyaya ng Diyos.) "Huwag manlumo ang iyong puso, Juan. Huwag kang tumangis, sapagkat ang Leon mula sa angkan ni Juda, ang Ugat at ang Supling ni David ay nagtagumpay." Ang "magtagumpay" ay nangangahulugan ng "makipagbuno at magtagumpay." Ay, naku.

178 Sa hardin ng Gethsemane nang pumatak ang Kanyag Dugo mula sa Kaniyang mukha, Siya ay nagtatagumpay . . .? . . . Ang Leon mula—at ang Ugat ni David ay nagtagumpay, nanaig.

paham. Ang bawat isa ay nakatayo ro'n, at walang sinumang karapat-dapat na tumingin man lamang sa Aklat, lalo pa ang kunin Ito at kalasin ang mga Tatak.

161 Ngayon, saan pumapasok ang papa at lahat ng mga ito? Nasaan ang inyong mga obispo? Nasaan ang ating pagiging karapat-dapat? Wala tayong kabuluhan. Tama.

162 Hiniling Niyang lumapit ang Kaanak na Manunubos, kung mamarapatin Niya. Ngunit ang sabi ni Juan walang sinumang karapat-dapat, hindi dahil sa walang karapat-dapat na mga tao na naroroon. Ngayon, tulad ng isang Anghel, halimbawa sabihin na natin si Gabriel o Michael, ngunit alalahanin n'yo, dapat iyon ay kaanak. Alalahanin, ang sabi rito ni Juan, "At walang sinumang t-a-o," hindi Anghel, hindi Serafim; hindi sila nagkasala, bagkus sila ay nasa ibang kategorya. Hindi sila nahulog kailanman. Ngunit dapat itong maging isang kaanak na manunubos. Walang sinumang tao, sapagkat walang sinuman sa kanila ang natubos na. Walang sinumang tao ang karapat-dapat tumingin doon. Ay, wala, naku, naku.

164 Kaya't kinailangan ang isang kaanak; at hiniling Niya ito, ngunit hindi siya masumpungan kahit saan. Wala kahit isa. Walang obispo, walang arsobispo, walang pari, walang hirarkiya; walang sinumang may sapat na kabanalan upang tumingin man lamang sa Aklat. Huuh, naku, naku. Napakatigas niyan, ngunit iyan ang sabi ng Biblia kaibigan, sinisipi ko lamang kung ano'ng sinabi ni Juan.

165 Ayon sa Biblia tumangis si Juan, hindi tulad ng itinuro ng ilang tao. Narinig kong itinuturo ito ng isang lalaki minsan; ang sabi, "Tumangis si Juan dahil hindi niya nasumpungan ang kaniyang sarili na karapat-dapat." Oh, iba riyan ang nalalaman ng sinumang taong nasa ilalim ng Espiritu Santo (Kita n'yo?), sa ilalim ng inspirasyon ng Diyos.

166 Ngunit si Juan ay tumangis. Heto ang palagay kong dahilan kung bakit siya tumangis: sapagkat kung walang isa mang karapat-dapat at makapagbubukas ng Aklat na ito ng Katubusan, ang buong sannilikha ay napahamak na. Narito ang Aklat; narito ang titulo; at ito ay inialok sa Kaanak na Manunubos na makatutugon sa mga kuwalipikasyon. Iyon ay sariling batas ng Diyos, at hindi Niya maaaring dungisan ang Kaniyang batas—hindi Niya maaaring suwayin ang Kaniyang sariling Batas, ang ibig kong sabihin.

167 Kita n'yo, humiling ang Diyos ng isang kaanak na manunubos na karapat-dapat, na may kakayahang gumanap niyon, na may kayamanan upang gampanan iyon. At ang sabi ng Anghel, "Ngayon hayaang lumabas ang Kaanak na Manunubos."

sa ganito-at-ganiyan. At ang kasunod na hiwaga ng anumang manang naroroon ay nakabilot at nakausli dito sa gilid: "Ang pag-aangkin sa ganito-at-ganiyan," at nagpatuloy ito hanggang sa maging isa itong balumbon, sapagkat wala pang ganitong mga aklat ang mga tao nu'n. Nakarolyo iyon (Ilan ang nakaalam niyon?) na kung tawagin ay isang balumbon. Buweno sa isang selyadong balumbon maaari mong kalagin ang isa rito (ang hiwaga nito) at punitin, at makikita mo na ang pag-aangkin na iyon. At pagkatapos ay kakalagin mo naman yung isa, at makikita mo kung ano ang pag-aangkin na iyon.

145 At sinelyuhan ng kabuuan nitong Pitong Tatak ang mga hiwaga ng Diyos magmula pa nang itatag ang sanlibutan, at ipinahahayag ng Pitong magkakaibang Tatak; na kung loloobin ng Diyos—hayaan natin Siya—hilahin natin ang mga Tatak na ito at tignan natin ang kabuuan ng Aklat at alamin kung saan ba ito patungkol. Kita n'yo? Oh, sana'y masiyahan tayo. Diyan ang hiwaga ng katubusan ay selyado hanggang sa . . . Hindi maaaring mabuksan ang Aklat na ito malibang dumating ang mensahe ng huling anghel. Ang balumbon ay naroroon, nalaman nating iyon ay naroroon. Alam nating iyon ay katubusan. Pinaniwalaan nating iyon ay katubusan.

146 Ang sabi ni Jeremias, "Kailangang itago ang balumbon . . ." (habang binabasa n'yo ito riyan) sasabihin niya, "Kinakailangang itago Siya sa isang sisidlang lupa." Kita n'yo? Oh, napakaganda niyan kung aking matatalakay sandali. Ang balumbon na ito ay iningatan sa isang sisidlang lupa hanggang sa panahon ng bilihan. Ay, naku, napakaganda.

147 Tama. Ngayon, ang mga mensaheng ito ay itinago hanggang sa pagdating ng sisidlang lupang ito, hanggang sa panahong itinakda ng Diyos na ang huling mensahero ay nasa lupa na, at lahat ng mga inusisa ng mga tao na sinasabi, "Alam kong nandiyan 'yan; sa paniwala ko nandiyan 'yan'; at pinagtalunan nila, at kanilang inilabas, at nagsigawa ng mga bagay-bagay; sa pamamagitan ng pananampalataya ay pinaniwalaan nila iyon. Ngunit ngayon ay maihahatid ito sa atin sa mga kapahayagan at mula sa kamay ng Diyos sa pamamagitan ng binidikasyon. Ito ang sabi ng Diyos; ipinangako Niya ito.

148 Ngayon, ngayon, tignan natin kung saan na tayo naroroon? Pumunta na tayo sa ika-2 ngayon. Napakatagal no'n para sa unang talata, ngunit kunin natin ang ika-2 talata. Ngayon, marahil ay hindi tayo magtatagal nang ganu'n sa kasunod.

At nakakita ako ng isang malakas na anghel na nagtatanyag ng malakas na tinig, Sinong karapatdapat magbukas . . . aklat, at magtanggap ng mga tatak nito?

149 Ngayon, alalahanin n'yo, basahin natin muli ang unang talata upang mapagsama natin.

. . . nakita ko sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan . . .

150 Diyos: Sino iyon? Ang talagang orihinal na May-hawak ng Aklat ng Buhay. Hawak-hawak Niya ito; ng Diyos. Nang maiwala ito ni Adan, nagbalik ito sa orihinal na Nagmamay-ari nito. Ito ay sa Kaniya. At si Juan, sa pangitain ay lumingon at

. . . nakita ko sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan ang isang aklat na may sulat sa loob at sa labas, na tinatakang mahigpit ng pitong tatak. (Kita n'yo, sa loob . . .)

151 Ngayon, pag binuksan na natin ang mga Tatak na iyon, makikita n'yong nagbabalik iyon sa Kasulatan, sa kabuuan nito. Sapagkat ang bawat isa sa mga Tatak na iyon, ang kabuuan nitong lahat, ang buong hiwaga ay napapaloob sa mga Tatak na ito. Kita n'yo? Ang bawat hiwaga ng Biblia ay nakapaloob sa mga Tatak na ito, at ang mga Tatak ay di maaaring mabuksan hanggang sa panahong iyon. Patutunayan ko iyon dito sa loob lamang ng isang sandali.

152 Pansinin n'yo, ngayon ang Aklat, alalahanin n'yo, ay natatatakan. Narito ang isa; narito naman ang tatak na ito, pagkatapos ay may isa na namang nakabilot: isang tatak. May isa ulit na nakabilot: isang tatak. Ito'y isang Aklat ng Katubusan. At pag pinagsama-sama mo ang lahat, mabubuo ang Aklat, at ito ay natatatakan ng Pitong Tatak. At kaya ito nasa likuran gawa ng ito ay nakabalumbon; ang hiwagang tatak ay nasa loob, at ang sinasabi lang nito ay ang nakakabayong puti, o ang nakakabayong itim, at kung anupaman ang nasa labas, ngunit ang hiwaga ng buong Aklat ay nasa loob ng mga Tatak na iyon. Mula sa Genesis hanggang sa Apocalipsis, isang kumpletong plano ng katubusan ang nahahayag sa Pitong Tatak na ito. Oh, napakahalagang panahon nito. Tulungan nawa tayo ng Diyos na makuha ito. Kita n'yo?

153 Ngayon, at may isang malakas ng Anghel . . . Ngayon, sa ika-2 talata, ang malakas na Anghel na nagtataniyag nang may malakas na tinig, "Sino ang karapat-dapat?" Karapat-dapat para sa ano? "Sino ang karapat-dapat na kumuha sa Aklat na iyon?" Ngayon, nalaman natin . . . Nasaan ba ang Aklat ngayon? Nasa orihinal na May-ari nito, sapagkat ito ay naiwala ng isang anak, ang unang anak ng Diyos sa sangkatauhan. At nang isuko niya ang kaniyang mga karapatan upang makining kay Satanas, isinuko niya . . . Ano ang ginawa niya? Tinanngap niya ang karunungan ni Satanas imbes na ang Salita ng Diyos.

154 Ngayon, hindi ba tayo puwedeng huminto rito sandali? Ang mga anak ng Diyos ay tatanggap ng ideya ng seminaryo hinnggil dito imbes na ang Salita

ng Diyos. Kita n'yo, kita n'yo? Ganu'n din ang ginawa ni Adan: isinuko niya ang kaniyang karapatan. At nang mangyari 'yon, nagbalik ito kaagad. Hindi n'yo ba nakikita kung saan nanggaling ang mga kapanahunang iyon? Kita n'yo? Nagbalik ito kaagad sa orihinal na May-hawak. At si Juan, sa Espiritu, nakatayo siya rito sa langit . . . Kaaangat lang sa kaniya mula sa mga Kapanahunan ng Iglesia (Kita n'yo?), nakita niya ang mga Kapanahunan ng Iglesia, at pagkatapos ay itinaas siya sa ika-4 na kabanata. Ang sabi Niya, "Umakyat ka pa nang mas mataas; magpapakita Ako sa iyo ng mga bagay na darating."

156 At nakakita siya ng Isang nakaupo sa luklukan na hawak-hawak ang Aklat na ito, sa Kaniyang kanang kamay. Isipin n'yo 'yon. Ngayon, nasa Aklat na ito ang titulo ng katubusan. At ito ay selyado ng Pitong Tatak. At lumabas ang isang Anghel na nagtatanyag na may malakas na tinig, "Sino ang karapat-dapat na magbukas ng Aklat, na kumuha ng Aklat; Sino ang may kakayahang magbukas ng Aklat na ito?" Kita n'yo? Itinanong ito ng Anghel; nakita ito ni Juan, at ang sabi niya, "Ngayon, sino ang karapat-dapat? Hayaan Siyang . . ." Ay, naku, marahil ay ganito lang ang nadarama ko.

157 "Ngunit, hayaan Siya," ang sabi ng Anghel, "hayaan Siyang . . ." Narito ang Aklat ng Katubusan. Narito ang plano ng katubusan. Narito ang tanging paraan upang kayo'y matubos, dahil narito ang titulo ng katubusan ng buong langit at lupa. "Siya ay lumapit, kung Kaniyang mamarapatin." Ay, naku. "Ngayon magsalita Siya o manahimik magpakailan man. Hayaan n'yong lumapit Siya at kunin ang Aklat na ito. Sino ang karapat-dapat na gumawa nito?"

158 At sinabi ni Juan na walang sinuman sa langit na nasumpungang karapat-dapat; walang sinuman sa ibabaw ng lupa na nasumpungang karapat-dapat; walang sinuman sa ilalim ng lupa na nabuhay at namatay na nasumpungang karapat-dapat; walang sinumang nasumpungang karapat-dapat.

159 Ang panawagan ng Anghel ay isang panawagan para magpakita ang Kaanak na Manunubos. Ang sabi ng Diyos, "Mayroon akong batas, maaaring maging kahalili ang isang Kaanak na Manunubos." Nasaan ang Kaanak na Manunubos? Sino ang may kakayahang kumuha nito?

160 At mula kay Adan hanggang sa lahat ng mga apostol, at mga propeta, at lahat na, walang sinumang nasumpungan. Ngayon, papaano na iyon? Walang sinuman sa langit, walang sinuman sa lupa, walang sinumang nabuhay . . . Nakatayo ro'n si Elias. Nakatayo si Moises do'n. Lahat ng mga namatay na apostol ay nakatayo ro'n, lahat ng mga taong banal, sina Job, at ang mga